

Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan

Banal na Apostolikong Pamunuan

El Palmar de Troya



**Transendenteng mga Mensaheng
ibinigay ng Pinakabanal na Birheng Maria
sa seer na si Clemente Domínguez y Gómez,
ngayon Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila**

Patriarkado ng Palmar de Troya

Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha

Nota: Para sa patnubay ng nagbabasa, tingnan ang introduksiyon sa kalakip na librito ng mga Mensahe tungkol sa Banal na Mukha.

Ika-30 ng Disyembre 1969

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)

Ang Imakuladang Paglihi

“Dapat kang maging matatag sa pagtanggol sa mga Mensaheng ipinagkatiwala Ko sa iyo: ang Adorasyon sa Banal na Mukha, ang Daan ng Krus, ang Rosaryo ng mga Ama Namin, ang Reparasyong Komunyong Unang mga Huwebes. Sa mga iyon ay nakasalalay ang kaligtasan ng mundo.”

Ika-11 ng Pebrero 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita sa ilalim ng titulo ng Lourdes kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mga anak: Ako ay labis na nagagalak sa inyo lahat, at lalo na sa mga sandaling ito kung saan kayo ay nagdarasal ng Rosaryo ng mga Ama Namin, na siyang nakapagpapagalak sa Akin nang lubos at napupuno Ako ng kaligayahan at nakapagligtas ng maraming mga kaluluwa.”

Ika-22 ng Pebrero 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Ako ay labis na nasisiyahan sa inyo dahil ginawa ninyo ang Daan ng Krus. Ang mga panalangin sa gabi ay iyong nakasisiya sa Aking Anak na si Hesus nang labis, dahil iyon ang panahon kung kailan Siya ay labis na pinagkakasalahan sa pamamagitan ng kahalayan. Mag-ingat, lahat kayo; huwag na huwag matutulog na nasa kasalanang mortal.”

Ika-24 ng Pebrero 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mga anak: Bakit ninyo kinalilimutan ang Aking Pinakamabining Esposo, kung siya man ay nangangalaga sa Simbahan at Ama ng Simbahan, sapagka’t, bilang tagapangalagang Ama ni Hesus, siya ay Ama rin ng Simbahan?”

Aking mga anak: lagi ninyong isaisip si San Jose, pinakamabining lalake. Hinihingi Ko sa inyo na gawin ang lahat ng inyong magagawa upang maglagay ng isang nararapat na imahen ng Aking Pinakamabining Esposo sa Sagradong Lugar na ito; at kapag may nagsabing iyon ay hindi Ko nais, iyon ay dahil sa hindi niya rin Ako minamahal, sapagka’t ang sinumang walang debosyon kay San Jose ay walang debosyon sa Akin.”

Ika-12 ng Abril 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Aking anak: Pinatutungkulan Ko kayo lahat, bilang Ina ni Hesus at ninyo, para sabihin sa inyo na magnilay sa inyong mga puso, ilagay ninyo ang inyong mga sarili sa Aking mga kamay, ang pagbati na ibinibigay ninyo sa Akin sa ‘Hail Holy Queen’. Pagnilayan ninyo lalo na ang parteng kung saan ay sinasabi ninyo ‘ipakita Mo sa amin ang Pinagpalang Bunga ng Inyong Sinapupunang si Hesus’. Kung kaya Ako ay dumating, para ipakita sa inyo ang Aking Banal na Anak na si Hesus, at ipinapakita Ko Siya sa inyo sa Kanyang Banal na Mukha, dispigurado, minaltrato, nagdurugo, dinuraan, naging isang Biktimang iniaalay ang Kanyang Sarili sa inyong Ama sa Langit para linisin kayo sa inyong mga kasalanan at tubusin kayo para sa eternal na buhay.

Sinasabi Ko roon sa mga hindi pa nakauunawa sa lugar na kung saan ang Aking Banal na Anak ay nararapat, para sambahin ang Kanyang Banal na Mukha upang aliwin ang Aking Mapighating Puso, para pagdating ng araw ay maunawaan ninyo, dahil utang ninyo ito sa Kanya bilang inyong Diyos at Manunubos.

Aking mga anak, kung hindi ninyo nauunawaan kung gaano kahalaga ang pagsamba sa Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak, ganito ang isipin ninyo: Sasambahin ko ang Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo upang pasayahin ang Imakulado at Mapighating Puso ng Aking Ina, ang Pinakabanal na Birhen. Sa paraang ito ay mauunawaan ninyo na Ako ang daluyan sa pagpunta ninyo kay Hesus, ang inyong Tagapagligtas at Hari ng Sangkatauhan, sa kalooban ng Ama sa Langit. Binabasbasan Ko kayo.”

Ika-15 ng Abril 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Subalit hinihingi Ko sainyo lahat na siguruhin araw-araw: na makinig ng Banal na Misa, pagunahing panalangin ng lahat ng mananampalatayang mga Katoliko; na tanggapin ang Aking Banal na Anak sa Eukaristiya; na pumunta araw-araw para bisitahin ang Aking Anak sa Banal na Eukaristiya sa Eksposisyon; na gawin ang Daan ng Krus; na dasalin ang Banal na Rosaryo ng mga Ama Namin.”

Ika-2 ng Mayo 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Ganyan ang gusto Ko, Aking mga anak, na may debosyon kayo sa Aking Pinakamabining Esposo na, bilang Ama ng Simbahan, ay inyong Ama, na kung kanino kayo ay nararapat magkaroon ng debosyon, nguni’t ang debosyong iyon ay hindi lamang sa pamamagitan ng simpleng dasal, subali’t gayahin siya sa kanyang kabinian, sa kanyang pagiging aba, sa kanyang kababaang-loob at sa kanyang pagiging masunurin.

Siya ay itinalaga ng Ama sa Langit upang pangalagaan Ako at pangalagaan ang Batang Hesus, ang inyong Tagapagligtas. Kung kaya, binabantayan niya ang Simbahan at dinadala kayo malapit kay Hesus at sa Akin, na inyong Ina.”

Ika-28 ng Mayo 1970

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Kami ay umaawit ng ‘Salve Madre’, at pagdating namin sa mga salitang ‘muestra aqui de tu gloria los resplandores’ [ipakita mo sa amin

dito ang liwanag ng Iyong kaluwalhatian], ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita at ibinigay ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Tulad ng hinihingi ninyo sa Akin, gagawin Ko ang nais ninyo: isang araw ay ipakikita Ko ang liwanag ng Aking Kaluwalhatian dito. Iyon ay isang araw na hindi maaaring pantayan, puno ng kaluwalhatian, at Ako ay mapapaligiran ng lahat ng Aking mga anak. Marami sa kanila ay magkakaroon ng maliwanag na pagkakita ng Aking pagkatao; ang iba ay makikita ang aking anino; ang iba ay malaking liwanag, at sila ay mamamangha, sapagka’t malalaman nila na Ako ay naroon. Subali’t ang iba, sutil ay makikita Ako at ipagkakaila ito; sapagka’t ang mapagmataas na tao ay inilalagay ang kanyang karunungan nang higit at mas mataas pa sa mga bagay tungkol sa Diyos at hindi nila naiisip na ang Diyos ay ang Pinakamakapangyarihan at namamahala sa lahat ng bagay, at ang agham ay sumasailalim sa Kanya. At ang iba, na nanaising patuloy na sundan ang daan tungo sa kapahamakan ng kaluluwa, ay sasabihin sa Akin, ‘umalis ka sa daan!’, dahil nalalaman nila na ang bisyon ay nagdadala sa kanila ng responsibilidad at kinakailangang baguhin nila ang kanilang mga buhay; subali’t ang kanilang pagmamataas ay humahadlang sa daan. Nguni’t iyong ang mga kaluluwa ay tulad sa isang bata ay makikita nila Ako at tatanggapin Ako bilang ang Ina na Ako nga, at nanaisin nilang sundan ang daang Aking minarkahan. Sila ay magdiriwang sa buong buhay nila, dahil sa araw na iyon Ako ay magiging bukas ang palad kaya malalaman nila ang mga grasyang Aking natanggap buhat sa Kapita-pitagang Trinidad.”

Ika-6 ng Agosto 1970

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga Aparisyon at mga Mensahe kay Clemente Domínguez. Unang Huwebes ng buwan. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita, binasbasan at hinalikan ang mga Eskapularyo ng Banal na Mukha. Hindi nagtagal pagkaraan ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita, at binasbasan din, hinalikan at hinipo ang mga Eskapularyo, isinuot ang mga ito sa apat na mga taong naroon. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay niliwanag ang sumusunod na mga prase tungkol sa nakaraang Mensaheng ibinigay ng Panginoon tungkol sa Eskapularyo ng Banal na Mukha: “**Ipinangako Ko na dadalhin Ko iyong mga namatay na suot ito, sa pamamagitan ng Aking Ina, sa eternal na kaligayahan sa mismong sandali na sila ay lumisan sa mundong ito.**”)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Aking anak, hindi na kailangan pang sabihin na ang mga kondisyong ibinigay sa Batas ng Diyos at sa mga Kautusan ng Simbahan ay dapat punan o gawin. Naturalmente iyong lahat na may suot ng Eskapularyong ito ay lagi nang may perpektong pagkaalam para sundin o gawin ang mga Kautusan, dahil sa paraang ito ang Aking Banal na Anak ay iniuukit sa kanilang mga puso ang imahen ng Kanyang Mukha, kung kaya ang kaaway ay hindi kayang labanan ang Liwanag ng Kataas-taasan, at nagdedesisyong umalis; kung kaya ang lahat ng may suot ng Eskapularyong ito ay ginagawang perpekto ang kanilang mga sarili, at napapamahala sa kanila ang Eukaristiya nang mas maalab, sapagka’t ang Banal na Mukha ay ang Salamin ng Eukaristiya. Binabasbasan Ko kayo.”

Ika-16 ng Enero 1971

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. May mga sumasalungat sa pagsuot ng Eskapularyo ng Banal na Mukha. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Aking mga anak: lagi ninyong tatandaan na kung nais ninyong makalaya mula sa mga atake ni Satanas, ang pinakamabuting paraan para siya ay mapalayo at tumigil ay ang pagsuot sa harap, sa inyong dibdib, ng Banal na Mukha ng Aking Anak. Sa harap Niya ang kaaway ay hindi maaaring magpatuloy, sapagka’t ang Liwanag ng Aking Anak ay tinatalo siya. Kapag si Satanas ay dumating na nakabalat-kayo nagkukunwaring siya si Hesus o Ako, ang inyong Ina, at suot ninyo sa labas ang Mukha ng Aking Anak, siya ay agad na nawawala, sapagka’t siya ay mapagmataas at hindi niya kayang tumayo sa harap ng kamahalan ng Diyos.

Aking mga anak, nais Kong ang inyong mga isip ay maunawaan ang halaga ng pagsuot sa labas ng Banal na Eskapularyong ito dito sa Sagradong Lugar.

Aking mahal na mga anak: sinasabi Ko sa inyo ang mga bagay na ito dahil mahal Ko kayo at dahil nasa Puso Ko kayo, at ayaw Kong ang kaaway ay linlangin kayo. Bilang pruwera sa katotohanan ng mga salitang sinasabi Ko, Ako ay nagsasabi: Mabuhay ang Sakramental na Hesus!, mga katagang hindi kayang bigkasin ng kaaway.

Mahal Ko kayo lahat: ang iba sa isang dahilan at ang iba sa iba, at ang bawa’t isa ayon sa kanyang mga pagkukulang. Hindi nangangahulugang mas mahal Ko ang isa nang higit sa isa, subali’t sa ibang paraan. Hindi Ako nagagalit dahil hindi Ko kayo mahal, nguni’t dahil tunay Ko kayong minamahal at pinangangalagaan kayo lahat sa ilalim ng Aking Banal na Kapa. Binabasbasan Ko kayo.”

Ika-31 ng Enero 1971

(Santuwaryo ng ‘Our Lady of Covadonga’, Asturias. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Banal na Pastora

“Magtiwala kayo sa Akin, Ako ang inyong Banal na Pastora. Hayaan ninyo ang inyong mga sarili na akayin tulad sa isang maamong tupa, dahil Ako, bilang Ina ng Banal na Pastol, ay ipagdarasal kayo. Binabasbasan Ko kayo.”

Ika-3 ng Marso 1971

(Paris, Pransya. Santuwaryo ng Medalya Milagrosa. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez, ibinigay sa seer para halikan ang Medalya Milagrosa na Kanyang dala, at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Medalya Milagrosa

“Paris, huwag ninyong tingnan ito, ito ang panggatong para sa apoy. Wala ni isang bato ang matitirang nakatayo. Aking mga anak: nagpapasalamat Ako sa pagpunta ninyo sa Santuwaryong ito ng Medalya Milagrosa, ginagawa ang Aking mga nais. Ihayag mo sa lahat ng dako ng Pransya, sa buong Europa, ang sumusunod: Sabihin mo sa mundo: Ako ang Milagrosa. Kung hihingi kayo sa Akin nang may tunay na pagtiwala, hihingin Ko mula sa Santisima Trinidad na ang lahat ng mga parusang ito ay mabawasan. Magdasal kayo at magpenitensiya.

Espanya! Ikaw man ay daranas ng mga parusa, sapagka’t ikaw ay hindi sumusunod sa tinig ng Diyos! Subali’t ang Espanya, sa pamamagitan ng banal na grasya, ay magdurusa ng mas kaunti, dahil sa mga Espanyol ay may maraming bilang ng mga deboto Ko, at hindi Ko sila iiwanan.

Aking mga anak: mag-ingat, dahil ang komunismo ay naghahintay. Ito ay pumapasok na sa bawa’t

bansa upang ibigay ang nakamamatay na dagok. Mag-ingat sa freemasonry; ito ay nakarating na sa lahat ng lebel sa Europa. Nakalulungkot, ito ay nakapasok na sa Espanya. Aking mga anak: Patuloy kayong magdasal at magpenitensiya, dahil kayo ay bibigyan ng ilang mga babala ngayon. Ang Ama sa Langit ay nasa punto nang pakawalan ang Kanyang Banal na Galit sa walang utang na loob na sangkatauhan.”

Ika-5 ng Marso 1971

(Lugar ng mga Aparisyon sa Garabandal. Mga bandang alas 10:15 ng gabi ang Pinakabanal na Birhen ng Bundok ng Carmel ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Lagi Akong kasama ninyo kapag manawagan kayo sa Akin.”

Ika-21 ng Marso 1971

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Banal na Pastora

“Maliliit Kong mga tupa, papastulan Ko kayo kapag ang antipapa ay maghari, dahil magiging mahirap na malaman kung nasaan ang tunay na Papa sa panahong iyon ng kalituhan.”

Ika-25 ng Abril 1971

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Banal na Pastora

“Aking mga anak, dumating Ako bilang Banal na Pastora para dalhin kayo lahat kay Hesus sa Banal na Sakramento, sa oras na ito ng kadiliman kung saan Siya ay pinakabinabale-wala, sa panahong ito na kung saan ang Tunay na Presensiya ni Kristo sa Sagradong Eukaristiya ay ikinakaila. O Aking maliliit na mga tupa! Nais Kong pastulan kayo; hayaan ninyong patnubayan Ko kayo. Ako ang inyong Pastora, Ina ng Banal na Pastol at Ina ng mga mananampalataya ng Banal na Pastol.

Aking maliliit na mga tupa: magkaroon kayo ng madalas na pagdulog sa Sagradong Eukaristiya; siguruhin ninyong dumalaw sa Eukaristiyang nakatago sa Sagradong Tabernakulo; gumawa kayo ng reparasyon sa Kanya roon para sa mga pagdusta na Kanyang natatanggap; kausapin ninyo Siya; nikikinig Siya sa inyo at nakikiusap sa inyo kung kayo ay may kababaang-loob na subukang pakinggan ang Kanyang tinig, kahit na hindi ninyo Siya naririnig sa pamamagitan ng inyong pandinig subali’t sa inyong mga puso.

Aking maliliit na tupa: Magsisi kayo sa Aking Hesus sa Tabernakulo para roon sa tumatanggap sa Kanya nang hindi karapat-dapat, para roon sa mga hindi tumitiklop ng kanilang mga tuhod sa Kanyang harapan, para roon sa mga tumatalikod sa Kanya, para roon sa mga ikinakaila ang Kanyang tunay at kapita-pitagang Presensiya.

O Aking mga anak! Pumasok kayo sa Sakramento ng Pagmamahal, magkaroon kayo ng kababaang-loob sa Kanyang harapan, sabihin ninyo sa Kanya ang inyong mga problema, ang inyong mga paghihirap, ang inyong mga kagalakan, ang inyong mga kalungkutan, ang inyong mabubuting mga resolusyon; at bago kayo magdesisyon ng anuman, lagi kayong komunsulta sa Kanya sa Sagradong Tabernakulo.

Bibigyan Niya kayo ng liwanag.

Aking mga anak: lagi kayong dumulog sa Sagradong Eukaristiya nang may pagmamahal, paggunita, malalim na pagsisi para sa inyong mga kasalanan. Aking mga anak, pagnilayan ninyo kung Sino ang nasa harapan ninyo: Ang Diyos mismo na bumaba dito sa lupa para kainin mo Siya, inumin ang Kanyang kapita-pitagang Dugo at tanggapin ang Kanyang Grasya. Sa ganoong pagmamahal, nararapat na tugunin mo rin ng pagmamahal.

Aking mahal na maliliit na mga tupa: mahal ninyo nang napakaalab si Hesus. Tingnan ninyo, kung sinasabi ninyo na mahal ninyo Ako, na inyong Ina, at hindi ninyo Ako pinasasaya, hindi ninyo Ako sinusunod, paano ninyo masasabing mahal ninyo Ako? Ang sinumang nagmamahal sa Akin ay nasa daan patungo kay Kristo, at ang sinumang nagmamahal kay Kristo ay nasa daan patungo sa Ama sa Langit.

O Aking mga anak! Hindi magtatagal ang Bikaryo ni Kristo, ang Martir ng Batikano, Pablo VI, ang anak ng Aking Puso, ay magtatapos ng kanyang misyon, at saka ang antipapa ay darating. Marami sa mga anak ng Simbahan ay maniniwala na ang antipapa ay ang tunay na Papa; magtuturo siya ng erehya, sa malas ay sisirain niya ang Simbahan. Ang marami ay magsasabi: dapat tayong sumunod sa Herarkiya. Subali't kakausapin Ko ang Aking mga anak at ipakikita ang mga mali, at papastulan Ko kayo."

Ika-24 ng Hunyo 1971

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

"Aking mga anak: Dumating Ako bilang Ina ni Hesus at Ina ninyo, para ipaalaala sa inyo kung gaano kaabandonado si Hesus sa Eukaristiya. Siya ay napakanag-iisa. Muli sinasabi Ko sa inyo na pumunta kayo nang mas madalas sa Eukaristiya, na makinig ng Banal na Misa. Lagi kayong pumunta nang may dakilang debosyon sa Banal na Misa, ang Sakripisyong pinakanakapagpapagalak sa Eternal na Ama, kung saan si Kristo ay iniaalay ang Kanyang sarili bilang Biktima para sa inyo.

Huwag niyong kalilimutan: ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay ang pag-uulit ng Golgotha, kung saan si Kristo ay inuulit ang Sakripisyo ng Krus nang walang dugo. O Aking mga anak: lagi ninyong isaisip ang Dugong pinadaloy ng inyong Manunubos, ang Banal na Dugong Kanyang ibinigay bilang kabayaran sa inyong pagtubos! Aking mga anak: marami sainyo na pumupunta dito sa Sagradong Lugar ay hinahayaan si Hesus na abandonado sa Eukaristiya. Ang iba ay linilimitahan ang kanilang mga sarili sa Linggong Misa lamang.

Sikapin ninyong bumisita rin sa Banal na Sakramento, lalo na kapag may Eksposisyon.

Kung ganoon, ngayon ay alam na ninyo, Aking maliliit na mga anak: Pumunta kayo nang madalas sa Banal na Misa at tumanggap ng Sagradong Eukaristiya. Binabasbasan Ko kayo."

Ika-15 ng Septyembre 1971

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya.)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Banal na Pastora

"Aking mga anak, Ako ay makakasama ninyo sa inyong mahirap na mga pagsubok. Ang Aking konsolasyon, ang Aking yakap, at ang Aking Banal na Kapa ay hindi magkukulang. Papatnubayan Ko kayo bilang Banal na Pastora, mahal na maliliit na kawan! Kayo ay laging susunod sa Aking tungkod, at ligtas na makararating sa magandang daungan. Ako ang inyong Ina, ang Ina ng inyong Diyos at inyong Ina. Paano Ko kayo makakalimutan! Paano Ko kayo pababayaan, kung napakalaki ang Aking ginugol para makuha kayo bilang mga anak, kung ang halaga nito sa Akin ay ang Pasyon ni Hesus! Hindi Ko maaaring iwanan ang Aking mahal na maliliit na tupa. Maliliit na tupa ng Aking Imakuladong Puso! Mahal na maliliit na tupa. Manatili kayo lagi sa paligid ng inyong Banal na Pastora, ang inyong Ina sa Langit, na

labis na mapagbigay sa inyo, na nagmamahal sa inyo, na pinangangalagaan kayo sa ilalim ng Kanyang Banal na Kapa.

Ako, ang Isang nasa paanan ng Krus, nakatayo, hindi nawawalan ng ulirat, tulad ng nakalarawan sa Akin; nakatayo, isinasakatuparan ang Aking misyon na Katuwang na Reparadora, Unibersal na Tagapamagitan, ang Aking misyong Ina ng sangkatauhan. Doon Ako sa Kalbaryo, nakatayo, matatag, nalalaman ang Aking matayog na responsibilidad. Huwag ninyong isipin na ang inyong Ina ay nawawalan ng ulirat. Hindi. Nungka Akong nawalan ng ulirat sa Kalbaryo. Alam Ko kung ano ang Aking misyon. Isang araw sa nakaraan, hiningi Ko sa Aking Hesus sa mga salitang ito: 'Aking Anak, isama Mo Ako sa Langit, huwag Mo Akong iwanang nag-iisa sa mundo, nais Kong kasama Ka. Hindi Ko gustong umalis Ka at maiwan Ako nang wala Ka!' Si Hesus, ang mabuting Hesus, ay sumagot sa mga salitang ito: 'Ina, tanggapin Mo ang kalooban ng Ama sa Langit. Kinakailangang Ikaw ay maiwan para pangalagaan ang Aking Simbahan. Ang Aking Simbahan ay nangangailangan ng isang Ina, hanggang sa kaya na nilang magpatuloy sa kanilang mga sarili.' At saka Ako, kasama ang Aking Hesus, ay inialay ang Aking sarili sa Ama bilang biktima para sa sangkatauhan. Sinabi Ko ang ganito sa Ama: 'Pinakamamahal na Aking Ama, iniaalay Ko ang Aking sarili kasama ni Hesus para sa Pagtubos sa sangkatauhan. Kaawaan Mo sila! At alalahanin Mong kinailangan ang darating na pagpapadaloy ng Dugo ng Aking Anak.' At naramdaman Ko ang mahinahong tinig ng Ama: 'Narinig Ko ang iyong petisyon nang may sang-ayon, Aking mahal na Anak, at ibinibigay Ko sa iyo na maging Katuwang na Manunubos ng sangkatauhan, ang Tagapamagitan ng mga Grasya. Sa pamamagitan Mo ang lahat ng mga Grasya ay dadaan. Ikaw ang magiging Daluyan tungo kay Hesus. Ang lahat ay dapat na dumaan sa pamamagitan Mo para makarating kay Hesus, ang Aking Tagapamagitan.' Kong kaya hindi Ko kayo maaaring iwanan sa inyong mga sarili. Pinangangalagaan Ko kayo, minamahal Ko kayo."

Ika-23 ng Septyembre 1971

(Pransya. Grotto ng mga Aparisyon sa Lourdes. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Lourdes

"Hayaang ang Katolikong Simbahan ay nungkang makalimutan na para tanggapin ang tao sa kanyang banal na pagsilbi at pagsamba, kinakailangan niyang hingin ang paniniwala sa sagradong mga misteryo ng Katolikong Pananampalataya, paniniwala sa sagradong mga Dogma at ang pagtatanggol sa mga ito, at walang pasubaling malasakit at pagtalima hanggang kamatayan sa Santo Papa, ang Romanong Papa, Bikaryo ni Kristo, Pinakamataas na Pastol ng Simbahan, Unibersal na Pinuno ng Kristiyanidad.

Kung walang ganoong pagpapasailalim, ay walang pagkakaisa, at saka ang mga Katoliko mismo ay mahuhulog sa erehya. Ang Simbahan ay Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Romano. Kahit tanggapin man nila ito o hindi, mayroon lamang isang tunay na Simbahan: ang Simbahan ni Kristo, binili ng Kanyang Pinakamahal na Dugo na ipinadaloy sa Krus sa Golgotha, isinalin kay Pedro at sa lahat ng kanyang mga kahalili.

Iyong mga totoong nais na maging Katoliko ay kinakailangang ipaglaban nang may banal na lakas: una ang Sagradong Kasulatan o Bibliya, kasama ang Dalubhasang Turo ng Simbahan; at hindi dapat kailanman makalimutan ang Banal na Tradisyon, na pinukaw ng Espiritu Santo sa Simbahan sa mahigit na dalawampung siglo."

Ika-25 ng Septyembre 1971

(Pransya. Santuwaryo ng Our Lady of La Salette. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Ang sangkatauhan ay nawawala na! Siya ay nahulog na sa kapalaluan, binalewala na ang mabuting mga tradisyon. Siya ay tumatalikod na sa kanyang Ina sa Langit: Ako, ang Birheng Maria, Ina ng Diyos at Ina ng Tao sa pamamagitan ng Pinakamahal na Dugong ipinadaloy ni Hesus sa Krus. Ang Sangkatauhan ay patuloy sa pagkatisod na tila bulag, pinamumunuan ng masamang mga pastol, mga pastol na walang pakialam sa mga tupa, mga pastol na nabubuhay sa gitna ng makamundong kasiyahan, naliligaw na mga pastol.

Ang kapalaran ng mundo ay iba sana kung ang mga Mensaheng ibinigay Ko sa Sagradong Lugar na ito ay pinakinggan, pinalaganap at isinagawa. Subali’t ang karamihan ay hindi naniwala sa mga ito; ang iba ay umatake sa mga ito; at ang iba ay hinusgahan ang mga ito kontra sa kanilang mga interes.

Dito sa La Salette, ipinahayag Ko ang mga kasamaang darating sa Simbahan at sa mundo. At ang mga iyon ay nagaganap na sa bawa’t titik; ang iba ay magaganap sa bandang huli. Ang mga iyon ay magaganap hanggang sa kahuli-hulihang titik na sinabi Ko sa Sagradong Lugar na ito.

Ang mga nagpupunlang tinuran Ko sa nakaraang siglo dito sa La Salette ay nakikita na sa ngayon. Ang mga Ministro ng Panginoon, marami sa kanila, ay iniwanan na ang Altar para mag-asawa at mamuhay ng buhay ng kasiyahan sa isang babae. Naniniwala ba kayo na marahil ito ay walang iba kundi ang pag-apostata? Malungkot para sa lalakeng inilagay ang kanyang kamay sa araro at saka tumalikod! Ang sino mang kinonsagrang isang Pari, ay kinonsagra ayon sa Orden ni Melquisedic, at mananatiling isang Pari. At pagkaraang mamatay, siya ay mananatiling isang Pari sa lugar na nakalaan para sa kanya. Umiyak na Ako dito sa Lugar na ito sa mga masasamang darating.

Dapat ninyong malaman, Aking mga anak, na ang Eukaristiya ay dapat tanggapin nang karapat-dapat, may respeto, rekoleksiyon, paghahandog at konsagrasyon sa Diyos. At ang nararapat na akto ay nakaluhod, nakatiklop ang inyong mga tuhod sa harap ng kamahalan ni Hesukristo, na nagbigay ng Kanyang buhay para sa kaligtasan ng tao, na ibinibigay ang Kanyang Katawan para kainin at ang Kanyang Dugo para inumin para maiparating ang Kanyang mga Grasya at ang Kanyang Awa. Ang Kaharian ng Diyos ay hindi para sa mga paring nagbibigay ng Komunyong sa mga taong nakatayo, o inilalagay ito sa kamay sa halip na sa dila: sapagka’t niyuyurakan nila ang Sakramental na Hesus. Dapat turuan nila ang mga mananampalataya na tumanggap ng Komunyong na nakaluhod, at ilagay sa dila, hindi sa kamay, iyong maruming mga kamay ng mga mananampalataya.

Mga Ministro ng Panginoon, tatanungin Ko kayo: bakit ang inyong mga kamay ay nilinis? Ang inyo bang mga kamay ay katulad marahil doon sa ibang mananampalataya? Hindi. Ang inyong mga kamay ay sagrado at tanging ang mga kamay ng Pari ang maaaring makahawak sa Sagradong Eukaristiya, at iyong mga taong binigyan ng direktang pahintulot ng Langit, tulad ng sa kaso ng ilang mga Santo sa Simbahan na hindi mga Pari, subali’t inatasan ni Kristo.

Ang sangkatauhan ay laging maaalaala ang mga salitang sinabi Ko dito sa La Salette sa mga seer sa nakaraang siglo, sapagka’t ang lahat ng iyon ay dapat na magaganap. Subali’t dahil Ako ang inyong Ina, ay pangangalagaan Ko ang lahat ng bumaling sa Akin. Lagi Kong inuulit: Pangangalagaan Ko kayo, hahawakan Ko kayo nang mahigpit. Susukluban Ko kayo ng Aking Banal na Kapa. Ililigtas Ko kayo sa kaaway. Huwag kayong mabahala sa mga kaganapang darating, dahil Ako ay mananatiling nasa inyo kapag ang mga bagay ay nasa malala na. Ang inyong Ina sa Langit ay hindi kayo bibiguin, tulad ng hindi Niya pagbigyo kay Hesus sa Krus. Iniwanan Siya ng lahat, subalit naroon ang Kanyang Ina, tulad ninyo Ako ay mapapasainyo.

Ako ay Walang Hanggan ang Kapangyarihan para roon sa Nagsusumamo sa Pamamagitan Ko.) Inilagay ng Diyos ang setro sa Aking mga kamay. May kapangyarihan Ako bilang Reyna ng Uniberso. Pinutungan ng Diyos ang aking noo ng korona ng reyna. Inilagay Niya sa Aking mga kamay: sa isa isang setro; sa kabila, ang Rosaryo, tanda ng eternal na katalagahan; sa Aking mga paa, ang mundo.

Bumaling kayo sa Akin. Ako ang inyong Ina, dahil Ako ang Ina ng Diyos. Ako ang Katuwang na Manunubos, ang Unibersal na Tagapamagitan. Kung kaya ang Kaaway ay galit na galit sa Akin, dahil

dinadala Ko ang mga tupa sa Mabuting Pastol, si Hesukristo. Ako ang Banal na Pastora. Hayaang ang lahat ay kumapit nang mahigpit sa Aking tungkod; iyan ang inyong suhay, ang inyong lakas. Magpatuloy kayo sa Aking Tungkod at makararating kayo sa Barko kung saan ang Mabuting Pastol ay naninirahan. Doon ay mananatili kayo bilang maamong maliliit na mga tupa, naghihintay sa Muling Pagkabuhay ng Laman, upang makita ang Kamahalan ng Diyos magpasawalang-hanggan.”

Ika-27 ng Septyembre 1971

(Bologna, Italya. Basilika ni Santo Domingo. Libingan ng Santo. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Dominguez:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim na titulo ng Rosaryo

“Aking anak: ang Mensaheng ito ay kailangang gawin para makarating sa Santo Papa Pablo VI. Ang teribleng mga kaganapang inihayag sa tamang panahon sa Simbahan ay malapit na. Ang Batikano ngayon ay nasa mga kamay na ng mga freemason at mga marxist. Ang mga freemason at mga pariseo ay nakapasok na sa Romanong Administrasyon ng Katolikong Simbahan. Sila ang humaharang sa daan para sa Bikaryo ni Kristo.

Kinakailangang maging maalam sa kung ano ang darating, dahil ang dugo ay dadaloy sa iba’t-ibang bahagi ng Saint Peter’s Square. Ang komunismo at freemasonry ay nagpaplano na ng malaking tiyak na pagtatagumpay. Ang marxismo ay aagawin ang Simbahan at iuupo ang kanyang sarili sa trono.

Kinakailangang muling panatilihin ang Latin sa Simbahan, sapagka’t ang bernakular na mga wika ay nagrepresenta ng Torre ng Babel.

Ang Komunyong ibinibigay nang nakatayo ay dapat alisin; sapagka’t sa harap ng Diyos ang bawa’t tao ay dapat na itiklop ang tuhod. Sa anumang paraan o dahilan ang Sagradong Eukaristiya ay hindi maaaring ilagay sa kamay. Obligasyong Ito ay ilagay sa dila.

Ang mga Obispo ay mga katulong. Subali’t ang Papa ang may pinakamataas na kapangyarihan sa representasyon kay Hesukristo. Hayaang ang mga Pari ay panatilihin ang Sagradong Buhay na Walang Asawa, at huwag nang dagdagan pa ang labis na pagpapahirap sa Papa.

Ika-23 ng Oktobre 1971

(Sagradong Lugar ng mga Aparisyon sa Garabandal. Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Unibersal na Tagapamagitan sa Pamamahagi ng lahat ng mga Grasya, nakadamit ng puting abito, pulang kapa, imperyal na korona, at pilak na tulay sa kaliwang kamay, ay nagpakita sa seer at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking maliliit na kawan: Nagpapasalamat Ako sa inyong penitensiyal na pagdalaw dito sa Sagradong Lugar ng Garabandal. Salamat sa inyong pagtugon sa panawagan ni Hesus. Ako, inyong Ina, ay kinakanlong kayo sa ilalim ng Aking Makalangit na Kapa, binabasbasan Ko kayo ng buong puso Ko, pinapatnubayan Ko kayo tungo sa layunin, na si Hesus.

Dumating Ako sa sandaling ito bilang Unibersal na Tagapamagitan sa Pamamahagi ng lahat ng mga Grasya. Dito, sa Aking kaliwang kamay, may hawak Akong isang tulay, kung saan ang lahat ay dapat dumaan ang sino mang nais tumungo kay Hesus. At ang lahat ng mga Grasya na nagmumula kay Hesus patungo sainyo ay dumadaan sa parehong tulay na ito.

Ako, ang Katuwang na Manunubos, na nakatayo sa paanan ng Krus, ay kasama ninyo dito para pasiglahin kayo at dalhin kayo sa magandang daungan. Hinahawakan Ko ang timon ng Barko, dahil iyon ang nais ng Panginoong Hesus. Hindi sa kinakailangan Niya Ako, kundi dahil iyon ang Kanyang kalooban. Kung kaya iyon ang Aking papel, ang pagiging Tagapamagitan, Katuwang na Manunubos, Kanlungan para

sa mga anak ng Simbahan.”

Ika-16 ng Agosto 1972

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita kay Clemente Domínguez, at hinalikan at binasbasan Niya ang relihiyosong mga bagay na ibinigay sa Kanya. Pagkaraan ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa seer at ibinigay ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Mahal na mga anak: salamat sa inyo lahat sa pagbisita ninyong ito sa Sagradong Lugar na ito. Ibinibigay Ko sa inyo lahat ang pasasalamat. Binabasbasan Ko kayo lahat at sinusukluban kayo lahat ng Aking Banal na Kapa. Manawagan kayo lagi sa Akin upang kayo ay mabuhay nang matuwid. Tawagin ninyo Ako sa lahat ng panahon, at Ako ay mapapasainyo, at dadalhin kayo kay Hesukristo. Ako ang inyong Ina, ang inyong mapagmahal na Ina. Dadalhin Ko kayo sa ilalim ng Aking mga pakpak at pagbibigyan kayo nang labis, at ipadadala kayo kay Hesus, ang inyong Tagapagligtas.

Aking maliliit na mga anak: Magdasal kayo nang marami sa oras na ito ng pagkalito, sa oras na ito ng karimlan, sa oras na ito ng kalabuan. Magdasal! Magdasal!, para manatiling matatag sa oras na ito ng kapangyarihan ng karimlan. Magdasal kayo para ang mga kaaway ng Simbahan ay malantad.

Aking mga anak: ang Barko ng Pedro ay nagdaraan sa iba’t-ibang malalaking mga bagyo. At ang mga bagyong ito sa ngayon ay terrible, dahil ang Barko ay gumigiwang-giwang sa magkabilang gilid, at si Pedro ay madalas na natatagpuan ang kanyang sariling halos ay nagsosolo sa timon. Ipagdasal ninyo si Pablo VI, upang siya ay magpatuloy sa timon ng Barko, at bawa’t araw ay mas maging malakas at malantad ang lahat ng kasamaan na mayroon sa Simbahan. Ang oras na ito ay isang tulad sa bagyo. Hindi magtatagal ang Simbahan ay magdaraan sa oras ng eklipse. Nakatatakot na eklipse, sa oras na kung ang pagkakahati-hati ay maliwanag na!

Ang oras ng isang malaking pagkakahati-hati sa Simbahan ay dumarating na. Sa katotohanan ito ay nagsimula na, nguni’t hindi magtatagal ang pagkakahati-hati na ito ay papag-anyuin sa isang huwad na papa. Magdasal, magdasal! Dahil, sa hindi tamang pagkakaunawa ng pagtalima, marami ang susunod sa landas ng Antipapa na sa lalong madaling panahon ay uukupa sa Pamunuan. Makaraan ang pagkakahati-hati na ito, pagkaraan ng malaking mga labanan, makaraang maraming dugo ang dumaloy, makaraan ang nakatatakot na paghihirap, isang maluwalhating Tagsibol ay mamumulaklak para sa Simbahan. Isang Tagsibol na kung saan si Kristo ay maghahari sa nilinis na lupa, sa lupang ito na malilinis, dadalisayin, nilinang ng Ama sa Langit.

Magalak kayo, mahal na maliliit na mga anak, magalak kayo! Sapagka’t ang Tagsibol sa Simbahan ay malapit na. Bago iyan, gayunman, ang Kalis ay dapat munang dalisayin. Magsaya kayo at matuwa! Dahil ang Tagsibol ay malapit na sa Pangalawang Pagdating ni Kristo. Subali’t kailangan ninyong magdusa ng pasyon, ng mapighating pasyon, sa pagtulad sa inyong Banal na Maestro. Dahan-dahan ay makararating kayo sa Golgotha. Kayo ay itataas sa Krus, upang sa bandang huli ay bumangon muli na maluwalhati kasama ni Kristo at maghari kasama Niya. Magalak kayo sa pagdusa ng pasyong ito na darating sa inyo. Pinagpalang pasyon na lilinis, na magpapadalisay at iiwanan kayong puting-puti tulad ng niyebe; at sa gayon kayo ay maluwalhating maghahari.

Ang inyong pasyon ay dumarating na. Kayo ay nasa simula na ng mapighating pasyon, ang pasyong nakalaan sa Simbahan na kailangang pagdaanan. Ang Katolikong Simbahan ay nagdurusa ng pasyon sa pagtulad sa kanyang Banal na Nagtatag.

Ang Simbahang ito ay sumusunod sa kanyang peregrinasyon patungo sa Kalbaryo, para magdusa ng Krusipiksiyon. Subali’t tulad ng kanyang Maestro, siya ay maluwalhating babangon. At kayo, bilang mga kasapi ng Simbahang ito, ay kinakailangan ding dumaan sa mga pighating iyon, sa mga paghihirap na iyon na nauukol sa pasyon.”

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“O pinakamamahal na maliliit na mga anak! Gaanong ganda ang sandaling ito! Isang Ina napaliligiran ng Kanyang mga anak, at ng kanyang piniling mga anak bago pa man, ang Kanyang pinili at hinirang na mga anak! Hinding-hindi ninyo kayang maunawaan ang sandaling ito, dahil kayong narito ay tinawag. Walang ni isa mang narito sa Lugar na ito sa pamamagitan lamang ng kapritso, subali’t sa kalooban ng Ama sa Langit na tinipon kayo rito. Maliwanag nga, marami ang tinawag, kaunti ang pinili. Hindi lahat ay tumugon sa Grasya. Subali’t sa pagiging kasama Ko, sa paghingi ng Aking pagmamahal at Aking proteksiyon, kayo lahat ay tutugon sa Grasya.

Mahal na mga anak ng Aking Puso, tingnan ninyo dito ang Puso ng isang Ina na nagagalak na kasama ang Kanyang mahal na mga anak: ang kaligayahan ng Inang iyon na, sa paanan ng Krus, ay senilyuhan ang Kanyang Ispiritwal na pagiging Ina. At anong selyo! Sa Kalbaryo, katabi ni Hesus, Ako ay ispiritwal na dumanas ng Krusipiksiyon.

Mahal na maliliit na mga anak: sa isipan, lakbayin ninyo sandali ang Golgotha. Tingnan ninyo doon ang Isinakripisyong Tupa nakabayubay mula sa isang Krus. At tulad ng alam na ninyo, ang Aking Anak ang nagpadaloy ng Dugong iyon. Kayo, ang iba sainyo, na mga ina, O gaano ang nararamdaman ninyo para sa sakit ng inyong anak! Isang bagay na lumalagos, na nakadudurog ng Puso. At saka tingnan ninyo ang inyong Ina doon, pinagmamasdan ang Kanyang Anak na nagdurugo. Hinding-hindi ninyo maiisip ang teribleng sakit na iyon, ang Pusong iyon na linagos ng sakit, isang sakit ng Ina, sakit na mas nakahihigit sa lahat ng ibang mga sakit: Sakit sa Kamatayan ng Kanyang Anak, na alam Niyang hindi Siya ordinaryong anak, subali’t Diyos mismo; Diyos ng Langit at Lupa, naging isang panakot sa ibon sa isang parang. At ayon ang inyong Ina iniaalay ang Kanyang sarili, kasama Niya sa Eternal na Ama para sa inyong kaligtasan. Kung kaya Ako ay tinawag na Katuwang na Manunubos, dahil Ako ay nakiisa kay Kristo sa Pagtubos sa inyo. At huwag na huwag ninyong kalilimutan ang regalong ibinigay sa inyo ni Kristo mula sa Krus; isang regalo ng kaligtasan, dahil binigyan Niya kayo ng isang Ina. Simula sa sandaling iyon ang Aking Puso ay lumukso sa tuwa, sapagka’t sa isang sandali ay nawalan Ako ng isang Anak, nguni’t nakatanggap ng napakaraming iba; kung kaya, tulad ng sinabi Ko sa ibang mga pagkakataon, sa lupaing ito ng Andalusia ay alam nilang mabuti kung paano isalarawan ang Aking Misyon, sapagka’t iyon ay isang sakit at kaligayahan sa parehong pagkakataon: isang Anak ay namatay at samantala ay nakatanggap Ako ng napakaraming mga anak. Nakatayo Ako sa paanan ng Krus tuwid, matatag, umiiyak sa sakit, totoo, subali’t nungkaing nawalan ng ulirat, hindi! Hindi Ako nawalan ng ulirat: Alam Ko ang Aking Misyon. Binigkas Ko ang Aking ‘Fiat’. Simula sa sandaling iyon, ang Aking mga bisig ay naging higit na mapagmahal, ang Aking mga Kamay ay naging mas magiliw, para hipuin ang mga ulo ng Aking mga anak, upang yakapin ang lahat.

Pagnilayan ninyo ang Kalbaryo: Ang pinakadakilang kabaliwan sa kasaysayan. Walang ibang kabaliwang tulad ng sa Kalbaryo: isang lalake bumaba sa lupa para maging tulad sa ibang mga lalake sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan. Ang Diyos mismo ay naging Tao. Ito ay kinainggitan ng mga Anghel, ang banal na pagkainggit ng mga Anghel: na ang Diyos sa Langit ay naging Tao. Anong kaligayahan ang sumainyo! At ang kabaliwang iyon ay laging nakamamangha sa tao; sa iba ay para pagpalain ito; sa iba para isumpa ito. Nguni’t sa isang salita, sa pagkamangha nila. Isang Anak, nadudurog, nakabayubay mula sa isang Krus, nagdurusa; at isang Ina, napakatahimik, pinapayagang ang Kanyang Anak ay maltratuhin. Mahirap unawain; isang Ina roon, ang Kanyang mga mata nakapako sa Kanyang Anak, nakikita Siyang pinahirapan; subali’t sa parehong pagkakataon, ay nakararamdam ng malaking kaligayahan sa Kanyang Puso dahil alam Niya na ang pagpapahirap na iyon ay mangangahulugang kaligtasan ng mga tao na, simula noon, ay Kanya na ring mga anak.

O Aking mahal na kawan, gaano Ko kagustong sabihin ang lahat ng mga bagay na ito sa inyo, sa may kababaang-loob at payak; dahil ang mga matalino at maingat ay hindi nauunawaan ang mga kababalaghang ito; sila ay napakarurunong, napakalawak magbasa...! Subali't gaano ang kanilang pagkabalag para maunawaan ang mga Misteryo ng Diyos!"

Ika-18 ng Septyembre 1972

(Sagradong Lugar ng Mimbral. Pagkatapos ng Misa at habang inaawit ang Salve Regina, ang seer na si Clemente Domínguez ay nagkaroon ng ekstasi sa presensiya ng Pinakabanal na Birhen, nakadamit ng puti, puno ng kaligayahan, na nagbasbas sa mga tao roon at sa mga bagay na ibinigay sa Kanya. Ang Pinakabanal na Birhen ay nagbigay kay Clemente ng sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Mahal na mga anak: kayo ay nabubuhay sa panahon ng kalituhan at huwad na mga doktrina. Balikan ninyo ang Dalubhasang Turo ng Simbahan sa buong Kasaysayan ng Simbahan. Balikan ninyo ang Sagradong Kasulatan o Bibliya: ngayon ay may huwad na mga doktor, huwad na mga pastol, na inilalayo ang mga kaluluwa. O Aking maliliit na mga anak! Gaano kadalas na si Hesus ay tinatakpan ang Kanyang mga tainga sa ereheng mga doktrinang itinuturo mula sa pulpito! Kung ano ang kasalanan kahapon ay hindi na kasalanan ngayon; kung ano ang katotohanan kahapon ay mali na ngayon; kung ano ang mali kahapon ay katotohanan ngayon. Ang katotohanan at mga kasinungalingan ay inilalagay na sa parehong kalagayan, at ang mananampalataya ay hindi na alam ang kinalalagyan ng Katotohanan. Subali't ito ay madali. Bumaling sa Dalubhasang Turo ng Simbahan sa pinagdaanan ng Kasaysayan ng Simbahan. Ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa paglipas ng mga siglo, at ang mga Katotohanang iyon ay hindi nagbabago at eternal. Hindi kayo maaaring makinig sa mga doktrinang kontra sa Katotohanan, maging sino man ang prelado, dahil ang Katotohanan ay Isa. Ang lahat ng lumayo sa Katotohanan ay sumpa. Kaunti na lamang ang pinag-uusapan tungkol sa 'anathema' o sumpa ngayon. Ngayon ang mali ay pinatatawad at pinapayagan na nga."

Ika-1 ng Oktobre 1972

(Trujillo, Venezuela. Kapilya ng isang kumbento ng mga madre. Ang seer ay nagbigay ng mga detalyeng ito: "Isang Pari, deboto ng Palmar, ay nagdaos ng Banal na Misa. Pagkatapos ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita na nakasky-blueng damit at napaliligiran ng dalawampu't-apat na mga Anghel. Ako ay lubos na namangha na makita ang Pinakabanal na Birheng Maria na nakaluhod sa tabi ng mga Anghel sa harap ng isang Sagradong Ostiya na nasa Eksposisyon. Tinanong ko Siya: 'Bakit Ka lumuhod, na Kanyang Ina?' Sumagot Siya sa akin:"))

"Maliban sa Aking Anak, Siya ay Aking Panginoon at Diyos, Aking Ama at Aking Esposo."

Ika-21 ng Nobyembre 1972

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya.)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Maghanda kayo, dahil ang mga panahon ng mas malaking kaguluhan ay darating na hanggang, sa lalong madaling panahon, ang antipapa ay uupo. Subali't magkaroon kayo ng lakas ng loob: ang Simbahan ni Kristo ay hindi maigugupo. Ang Simbahan ni Kristo ay tinutulungan Niya, tulad ng ipinangako Niya, at ang mga lagusan ng Impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa kanya. Maging mapayapa kayo: Si Hesus ay nasa Kanyang Simbahan; nguni't sa awtentikong Simbahan, tapat sa Dogma, tapat sa Tradisyon at tapat sa Dalubhasang Turo, ang awtentikong Dalubhasang Turo ng Simbahan."

Ika-25 ng Nobyembre 1972

(León. Kapilya ng Banal na Sakramento sa Katedral. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez. Nasa Kanyang mga bisig ang patay na Panginoon at ibinigay kay Clemente ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mga anak: aliwin ninyo Ako, kahi’t sa isang panalangin, para sa sandaling kinalong Ko ang Katawan ni Hesus, ang inyong Tagapagligtas, patay sa Aking mga bisig. At aliwin ninyo rin Ako, para sa pinakamalalim na kalungkutang Aking nadama sa sandaling Siya ay inilagak sa Aking mga bisig at pinagmasdan Ko ang Kanyang Mukhang dispigurado at ang Kanyang Katawang nababalot ng mga Sugat, ang halaga ng inyong Pagkakatatubos. Sa pamamagitan ng aktong iyon ng isang Ina, isinatatuparan Ko ang Aking papel bilang Katuwang na Manunubos ng sangkatauhan.

At iyon ang Aking patuloy na ginagawa sa pamamagitan ng paghawak sa Aking mga bisig sa Mistikal na Katawan ni Kristo, ang Simbahan, lalo na sa oras na ito ng Pasyon ng Simbahan. Sinasamahan Ko ang Simbahan patungo sa Golgotha. Tinutulungan Ko ang lahat ng Aking mga anak; at kapag dumating na ang oras para sa Simbahan para ito ay Ipako sa paggaya sa kanyang Pundador, Ako ay naroroon para dalhin ang lahat ng mga martir sa Aking mga bisig, at para himukin ang mahinang mga kaluluwa at punuin sila ng kalakasan.

Iyan ang misteryo ng mga imahen kung saan Ako ay ipinapakita na kasama ang Katawan ni Kristo patay sa Aking mga bisig. Ito ay patuloy Kong ginagawa sa Simbahan, Mistikal na Katawan ni Kristo. Bilang Ina ng Kristong iyon, Ako ay Ina ng Mistikal na Kristo, na ang Simbahan; kung gayon, Ako ang Ina ninyo lahat.

Magpasalamat kayo kay Hesus para sa regalong ito na ibinigay Niya sainyo, kung saan ay may Ina kayo para pangalagaan at patnubayan kayo, lalo na sa panahon ng persekusyon at pagsubok. Narito ang inyong Ina para patnubayan kayo tungo kay Hesus.

Ang Aking basbas sainyo lahat, sa Espanya at sa mundo..”

Ika-6 ng Marso 1973

(Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya. Sa harap ng imahen ng Banal na Pastora. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Maliliit na anak, pinakamamahal na maliliit na mga anak: Balikan ninyo ang mga Mensaheng ibinigay sa Sagradong Lugar na ito, laging sa pagtanggol sa Sagradong Kasulatan, sa pagtanggol sa Banal na Tradisyon, sa pagtanggol sa Dalubhasang Turo ng Simbahan. Sa isang salita: sa presentasyon ng katotohanan, at laging ang katotohanan.

Ang isang Aparisyon ay hindi para magpresenta ng isang bago, datapwa’t para kumpirmahin ang Doktrina at ipaalaala ito sa mga anak. Aking maliliit na mga anak: ilan ang nakatagpo ng tunay na Pananampalataya sa Sagradong Bundok na ito ng Kristong Hari! Dito sa pinagpalang Palmar de Troya, ilan ang nakatagpo ng awtentikong Pananampalataya! Sa kabila ng mga pagkakahati-hati, sa kabila ng mga paghadlang, sa kabila ng lahat ng uri ng mga bagay, ang Katotohanan ay nanaig.

Aking maliliit na mga anak, ang Ama sa Langit ay ipinadala Ako sainyo para iparating ang Kanyang mga salita sainyo: Malungkot para roon sa mga may lakas ng loob na makialam sa Sagradong Lugar na ito! Malungkot para sa kanila, dahil ang Kanyang Galit ay babagsak sa kanila! Ang

Ama sa Langit na nagsugo sa Akin para iparating sa lahat sa inyo na itong Bundok ni Kristong Hari ay ang Liwanag at Parola ng Simbahan sa panahong ito ng Silakbo at Karimplam, at na tinitingnan Niya ang Palmar de Troyang ito bilang Liwanag ng Kanyang mga mata, hindi dahil sa mga taong narito, nguni't dahil sa Kanyang sariling dikreto. Ang mga taong pumupunta rito ay tulad ng iba: ang iba mas matuwid, ang iba hindi gaano, ang iba mas apostoliko, ang iba hindi gaano. Subali't ang Ama sa Langit ay nais na ang Lugar na ito ay maging Liwanag at Parola para ihanda ang mga anak ng Bagong Simbahan: ang Simbahan ng Tagumpay ni Kristo sa lahat ng mga bansa. Ang Lugar na ito ay itinalaga para ihanda ang mga bansa sa pagtanggap kay Kristong Maluwalhati sa pagpapakita ng Kanyang Kapangyarihan at ng Kanyang Hustisya. Sa isang salita: para tanggapin ang Kristong Hari. At mula rito, mula sa Pinagpalang Lugar na ito, ang Eternal na Ama ay nais na ipadala ang Kanyang mga Apostoles na maghahanda sa sangkatauhan para sa Muling Pagdating ni Kristo. Kung kaya, ito ang Bundok ni Kristong Hari. Pagnilayan ninyo ang mga salitang ito: Bundok ni Kristong Hari."

Ika-19 ng Hunyo 1973

(Sevilla. Ang seer na si Clemente Domínguez ay naglarawan: 'Mga bandang katanghalian ngayon, Ika-19 ng Hunyo 1973, sa aking silid, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa akin sa ilalim ng titulo ng Carmel at sinabi sa akin ang sumusunod':)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

"Nais Kong sabihin saiyo na Ako mismo, sa ika-16 ng Hulyo, ay babasbasan Ko ang tubig sa Poso ng Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya. Nais Kong ang may sakit ay uminom ng tubig na Aking babasbasan sa araw na iyon. Simula sa ika-16 ng Hulyo, ang tubig na iyon ay hindi na ng tao, dahil ito ay magiging Tubig ng inyong Ina ng Palmar, para pagalingin ang may sakit."

Ika-16 ng Hulyo 1973

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Noong ika-15 ng Hulyo 1973, gabi bago Ang Piyesta ng Carmel, malaking bilang ng mga peregrino ang nagtipon sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya mula sa iba't-ibang lugar ng Espanya, Europa at Amerika, bilang tugon sa panawagang ginawa ng Pinakabanal na Birhen sa pamamagitan ni Clemente Domínguez para sa ika-16 ng Hulyo. Ang Pinakabanal na Birheng Maria, sa ilalim ng titulo ng Carmel, ay nagpakita kay Clemente, at dinala ang seer habang nasa ekstasi sa daanan sa pagitan ng Lentisko at ng pasukan patungo sa propyedad ng mga Aparisyon. **MULA DOON, MGA BANDANG ALAS 2:15 NG UMAGA NG IKA-16 NG HULYO 1973, ANG PINAKABANAL NA BIRHENG MARIA AY BINASBASAN ANG TUBIG SA POSO, at ibinigay kay Clemente ang sumusunod na Mensahe:)***

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Aking maliliit na mga anak: Ang Tubig sa Poso ngayon ay may basbas na sa pamamagitan ng Aking Makapangyarihang Kamay, Aking Kamay ng Ina ng Kabutihan. Simula sa sandaling ito, ay maaari na ninyong inumin ang Tubig mula sa Poso at ito ay makagagawa ng mga pagpagaling sa may sakit. Inumin ninyo ang Tubig ng inyong Ina nang may pagtitiwala: ang Tubig ng inyong Ina ng El Palmar, na makapagpapagaling sa mga karamdamang ispiritwal at katawan. Inumin ninyo ito nang may tiwala.

Ito ang tanda ng Palmar: ang Tubig na binasbasan ng Aking Kamay. Ito ay makapagpapagaling ng marami. Dalhin ninyo ang Tubig sa mga may sakit kahit saan sa inyong mga bayan at mga Bansa. Ang Aking basbas sa inyo lahat."

Ika-19 ng Oktobre 1973

(Madrid. Sa isang pribadong bahay, may mga 30 kataong nagtipon mula sa iba't-ibang mga Senakulo. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang

sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking maliliit na mga anak: Kaunti na lamang ang sasabihin Ko sainyo simula ngayon, dahil ang oras ay darating na kung saan Ako ay magtatago sa disyerto. Tingnan ninyo, Aking maliliit na mga anak: ang oras ay darating na, sa susunod na paghahari ng Papa, kung saan ay magkakaroon ng dalawang mga Papa: ang tunay at ang antipapa. Iyon ay magiging panahon ng kadiliman at pagkakagulong wala pang kaparis sa Kasaysayan ng Simbahan.

Ang pagbabasa, kultura, agham, sining ay magiging walang halaga sa paghanap ng Liwanag; tanging dalangin, penitensiya at kababaang-loob. Iyong mga yumuyuko ng kanilang mga ulo sa harap ng Diyos, nagdarasal at humihingi ng Liwanag, ang makatatago nito. Pinapayagan ng Aking Anak ang mga sa malas ay mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng iba’t-ibang mga seer at mga mistiko para kayo ay magkaroon ng kababaang-loob at humingi ng Liwanag.

Tingnan ninyo na, sa Kalbaryo, si Hesus ay nakapako sa Krus, ang punong mga pari at ang mga pariseo ay sinabihan Siyang bumaba mula sa Krus at sila ay maniniwala sa Kanya. Subali’t kahi’t na may kapangyarihang gawin ito, ay hindi Niya ginawa; dahil walang sinumang maaaring atasan ang Diyos na magbigay ng mga katibayan; subali’t iyong mga humihingi nang may kababaang-loob ay makakamtan ang mga iyon.

Huwag kayong mabahala sa mga sinabi Ko na ipinaalam sa inyo na bihira na Akong makikipag-usap sainyo, dahil sa panahong iyon Ako ay nasa puso na ng bawa’t isa sa inyo. Sa isang mas buhay na paraan, Ako ay iluluklok sa isang trono sa inyong mga puso, kahi’t na ito ay parang hindi pangkaraniwan sa inyo. Iyong lahat na nabubuhay sa pagdarasal at penitensiya ay matatagpuan Ako sa kanilang mga puso.

Ika-29 ng Enero 1974

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mahal na mga anak: isang malaking bagyo ay dumarating sa Simbahan, na hindi pa kailanman naganap. Ang mga kaaway ng Diyos ay nasa timon na ng Barko ni Pedro. Subali’t maliit pa iyon. Dahil sa madaling panahon ang Simbahan ay magkakahati-hati, at ang isang huwad na papa ay iuupo ang kanyang sarili sa Katedra ni Pedro, at mula roon ay susubuking sirain ang Simbahan ng Diyos, ang tunay na Katolikong Simbahan.

Nguni’t sa sandaling iyon, sa lahat ng mga bansa, ang Maryanong mga Apostoles ay nakahanda na. Sila, sa pagkakaisa kasama ang tunay na papa, ay muling itatayo ang orden, isang orden na hindi makikita, sapagka’t ito ay magiging nasa mga katakumba.”

Ika-2 ng Pebrero 1974

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Kapistahan ng Presentasyon ng Ating Panginoong Hesukristo at Puripikasyon ng Pinakabanal na Birhen. Unang Sabado ng buwan. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na mga Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mahal na mga anak: salamat sainyo lahat, kayong dumating dito sa Sagradong Lugar dito sa pinakasolemneng araw kung saan ang Ika-apat na Anibersaryo ng Pinakasolemneng Pagsasatrono ng

Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak ay ipinagdiriwang; nitong Banal na Mukha, na siyang Araw para magbigay ng liwanag sa lahat ng sangkatauhan; nitong Banal na Mukha, na nagbibigay ng Liwanag sa lahat ng taong may magandang kalooban sa bawa't bansa.

Ang pagsasatrono sa Sagradong Bundok na ito ng Banal na Mukha ni Hesukristo, Hari ng mga Hari, ay hiniling sa pamamagitan ng madaliang nais ng Kapita-pitagang Trinidad. Gaano karaming mga biyaya nagkaroon ang Lugar na ito at ang natanggap ng mga deboto nito simula nang isatrono ang Sagradong Mukha! At gaano napakalayo ang inilayo ng infernal na kaaway!

Aking maliliit na mga anak: Anong katakutan at pagkasindak ang nadarama ni Satanas sa Banal na Mukha! Hindi ninyo ito maisip. Kung kaya, sa loob ng mga barandilyang ito, ay nagagarantiyang si Satanas ay kumikilos nang kaunti ang kapangyarihan. At ang marami ay ayaw isipin iyon. Tingnan at obserbahan ninyo na, kapag kayo ay nagdarasal dito, kayo ay nagdarasal sa harap ng salamin ng Kabanalan: Iyang Pinakasagradong Mukha na nagtuturo sainyo ng Mapighating Pasyon para sa inyong kaligtasan.

Aking pinakamamahal na maliliit na mga anak: ipaglaban ninyo itong Sagradong Lugar mula sa mga pagsalakay ng Infernal na Dragon. Pangalagaan ninyo itong Pinakasagradong Mukha, na siyang at magiging Liwanag ng Mundo. Sa kasamaang palad, hindi lahat ay sumasang-ayon sa sinasabi Ko sainyo. Pinakamamahal na maliliit na mga anak: nakikita ninyo ang panalangin at penitensiya at sakripisyong ginagawa sa harap ng Sagradong Mukha na ito. At sa gayon ang Galit ng Eternal na Ama ay nakakalma. At sa gayon ang Eternal na Ama ay hindi na nakikita ang maraming mga bagay na mayroon sa mundo, dahil ang Kanyang mga mata ay nakasentro sa Mukha ng Kanyang Pinili. Masaya kayo, iyong mga nandito nagdiriwang sa kaganapang ito; sapagka't ang anibersaryo ng Pagsasatrono ng Pinakasagradong Mukha ni Hesukristo ay isang napakadakilang pangyayari. Ito ay hindi pangkaraniwang araw. Ito ay napakasolemneng araw, sapagka't ito ay nauukol sa kabutihan ng mga kaluluwang pumunta sa Sagradong Lugar na ito buhat sa iba't-ibang mga Bansa.

Ang Banal na Mukha na ito, na sinasamba at binibigyang pagpugay sa Lugar na ito, ay ipinalalaganap sa bawa't sulok ng mundo. Ito ay laganap na sa maraming mga bansa, at namumuno sa mga tahanan ng mga deboto ng lugar na ito. Sa dahilang ito, ang Galit ng Eternal na Ama ay nakakalma. Nakaatang sa inyo, Aking mahal na mga anak, na ipalaganap pa nang mas malawak itong pinakamatamis na debosyon sa Pinakasagrado at Matiwasay na Mukha ng inyong Tagapagligtas.

Aking mahal na mga anak, tatanungin Ko kayo: hindi ba ninyo naaaninag ang Kamahalan ng Diyos sa Banal na Mukha? Hindi ba ninyo nasusulyapan ang Kanyang Walang Hanggang Kapangyarihan? Magnilay kayo sa harap ng Mukhang ito, sa harap ng matamis na Mukhang ito, at makatatagpo kayo ng kagalakan at makatatanggap ng mga biyaya at mga grasya. Tingnan ninyo, Aking maliliit na mga anak: sa araw na ito ang buong Sagradong Lugar na ito ay puno ng mga Anghel, nagagalak, umaawit ng mga papuri sa Diyos. At alam ba ninyo kung saan nakasentro ang mga paningin ng mga Anghel? Sila ay nakatitig sa Pinakasagradong Mukha.

O Aking maliliit na mga anak: Hinding-hindi ninyo maisip ang kahalagahan ng debosyon sa Banal na Mukha, lalo na sa Huling mga Panahong ito! Ang araw ay darating kung saan ang Pinakasagradong Mukha ni Hesukristo ay makikita ng lahat ng sangkatauhan, sa panahong iyon ay Maluwalhati. Subali't para makamit ang Grasyang iyon, una sa lahat ay kinakailangang gumawa ng reparasyon sa Kanyang naaping Sagradong Mukha."

At sumunod ang pangalawang mensahe:

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Aking mahal na mga anak: Ipinararating Ko sa lahat na ang mga imaheng ito sa ilalim ng matamis na Titulo ng Ina ng Palmar, na Aking binasbasan sa araw na ito, ay magiging llaw para sa mga araw ng kadiliman sa mga tahanan kung saan Ako ay binibigyang pugay. Maging mapayapa ang lahat ng

mayroon nitong Sagradong Imahen, na Aking binasbasan sa espesyal na araw na ito, na kung saan ay makasisiguro kayo ng Liwanag para sa tatlong araw ng karimlan. At ang Aking basbas ay umaabot sa lahat ng mga imaheng nakatago ninyo. At isang napakaimportanteng bagay ay gawin ninyo ang inyong makakaya na solemneng isatrono ang Sagradong Imaheng ito sa inyong mga tahanan. At sikapin ninyong basbasan ang naghihinalong mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan ng Sagradong Imaheng ito, para ang kanilang pagtigil sa Purgatoryo ay napakaikli. Ang Langit ay patuloy na nag-iimbento ng mga grasya para sa inyong kaligtasan. Huwag ninyong hamakin ang mga iyon. Pinakamamahal na maliliit na mga anak: ipalaganap ninyo itong matamis na titulo ng Ina ng Palmar saan man, kahi't sa dulo ng mundo."

Ika-8 ng Abril 1974

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Aking Pinakamamahal na mga anak: Doblehin ninyo ang inyong mga panalangin at mga penitensiya. Kahit iyon ay kaunti. Tanging sa gayon ninyo mapahuhupa ang Galit ng Eternal na Ama. O Aking mahal na mga anak! Magdasal kayo at magpenitensiya, sapagka't ang malaking sakunang mga kaganapan ay malapit na, malapit na malapit na; hindi malapit tulad ng pagkakaunawa ninyo ng pagiging malapit sa terminong Panlangit, subalit totoong napakalapit na, sa kaisipang pantao. Ang mga iyon ay nandiyan na. Panalangin at Penitensiya. Panalangin at Penitensiya. Panalangin at Penitensiya. Tanging sa gayon ay mapagagaan ninyo ang malaking sakunang darating sa mundo.

Aking pinakamamahal na mga anak: hindi Ko kayo tinipon dito para sa dibersiyon, kundi para sa pagdasal at penitensiya; para magnilay sa Mapighating Pasyon ni Hesukristo. Para maunawaan kung paano ang Diyos Mismo ay naging Tao at nagdusa ng Pasyon para magbayad-puri sa Ama at mapagkasundo ang tao sa Ama. Magnilay, magnilay sa Banal na Pasyon ni Hesukristo!

O Aking mahal na mga anak: salamat sa inyo lahat para sa inyong mga panalangin, inyong mga penitensiya, inyong peregrinasyon dito sa Bundok ni Kristong Hari! Dahil sa ang Bundok na ito, nagtataglay sa Kristong Hari bilang tanda, ay ang preparasyon para sa lubos na Paghahari ni Kristo sa Kanyang mga kaaway. Ang dakilang hukbo na sasama sa Pagdating ng Kaharian ni Kristo ay inihahanda rito."

Ika-21 ng Oktobre 1974

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at binigyan siya ng maraming mga Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"O Aking mahal na mga anak! Kayo ay pumunta rito buhat sa napakalayo para lumuhod sa Sagradong Lugar na ito, kung saan ang Liwanag ay natatanggap para sa Simbahan at para sa mundo. Kayo ay pumunta sa Katedrang ito ng Huling mga Panahon. Balikan ninyo ang Kasaysayan ng Simbahan at maobserbahan ninyo na, sa mahirap na mga sandali ng Simbahan, malalaking mga Aparisyon mula sa Langit ay naganap para tulungan ang Simbahan. At sa mga panahong ito ng malaking kalituhan, ng malaking pagkakahati-hati, ng huwad na mga doktrina, ang mga Aparisyon mula sa Langit ay hindi maaaring mawala para gabayan ang mga anak ng Simbahan. Sa mga panahong ito, higit kailan man, ang Ina ninyong Ito, nakikita kung saan patungo ang Simbahan, ay kinakailangang mamagitan. Napakataas na porsiyento ng Herarkiya ng Simbahan ay patungo na sa kapahamakan ng kaluluwa, na may resulta ng pagkakapariwara ng mga tupa. Tingnan ninyo ang kasalukuyang senaryo sa Simbahan. Tingnan ninyong

masusi ang mga simbahan at kung ano ang nangyayari sa kanila. Ang mga iyon ay nagi nang tunay na kanlungan ng mga magnanakaw, dahil ang Bahay ng Ama ay sinalaula na.

Tingnan ninyo kung gaano na karaming mga simbahan ang binuksan ang kanilang mga pintuan sa kasamaan, kalaswaan, katigasan ng ulo, pagkawasak. Bigyang pansin na ang mga mananampalataya ay wala nang malalim na katahimikan at pagbubulay-bulay sa simbahan at obserbahan na ang marami ay dumadaan sa tapat ng Tabernakulo at hindi na nagluluhod ng kanang tuhod, simula sa mga Ministro ng Panginoon mismo; at marami, na kung lumuluhod ng kanang tuhod ay ginagawa nila ito nang kalahati lamang, hindi na itinitiklop ang kanilang mga tuhod para umabot sa sahig, at ginagawa nila itong mekanikal at pangkaraniwan lamang, hindi na pinag-iisipang sila ay dumaraan sa harap ng Diyos mismo; kung kaya ang mga mananampalataya rin ay hindi na lumuluhod ng kanang tuhod, sa pagkakita sa masamang huwaran ng mga Pari.

Pinakamamahal na maliliit na mga anak: maging alerto kayo sa lahat ng mga pagbabagong ipinatutupad sa Simbahan, para tanggihan ninyo ang mga ito; dahil ang karamihan sa mga ito ay galing sa kaaway. O pinakamamahal na maliliit na mga anak! Anong kasamaan sa loob ng kailaliman ng Simbahan! Anong katampalasanan! Huwag ninyong kalilimutan, Aking mahal na mga tupa, na simula rito, sa lugar na ito ng probinsiya, ang Liwanag ay papunta sa Simbahan at sa mundo, Liwanag na walang iba kundi ang parehong Liwanag na ibinigay ng Simbahan sa lahat ng dako sa lahat ng nagdaang mga siglong ito. Ito ay wala ng iba kundi ang parehong Liwanag na napunta sa lahat ng mananampalataya sa pagdaan ng Kasaysayan ng Simbahan, ginabayan ng Espiritu Santo. Iyan ang Simbahang namamalagi sa Sagradong Lugar na ito, na sumasalungat sa takbo, salungat sa bagong progsibista at nakasisirang takbo na ngayon ay naghahari sa Simbahan. Dahil ang kaaway ay nakapasok na mismo sa Herarkiya.

Aking mahal na mga anak: lagi ninyong pakatatandaan na, sa pagpunta sa Sagradong Lugar na ito, ang mga memorya ay muling ibinabalik at naaalaala ninyo ang tradisyonal na mga turong natanggap ninyo mula sa inyong mga nakatatanda; at na sa marami sa inyo ay isinasabuhay sa simbahan. Sa rasong iyon, ang mga peregrinasyon sa Sagradong Lugar na ito ay kinakailangang dumami, para ang mga peregrino ay makakain at makakuha ng lakas mula sa Liwanag na lumalagos sa mga puso, na siyang Liwanag ng Kataas-taasan. Hindi magtatagal, ay tuturuan kayo at malalaman nang eksakto ang mga panahon sa darating na paghahari ng Antikristo, na naghahanda para maghari para sa tatlo at kalahating taon ng paghahari niya. Kayo ngayon ay nabubuhay sa mga araw bago ang paghahari ng Antikristo. Ngayon na ang tamang oras para sa mga prekursor ng paghahari ng Antikristo; dahil ang kanyang mga propeta, marxismo at freemasonry, ay naghahari at ipinalalaganap ang paghahari ng Antikristo; at ang masama pa, iyong mga propeta, freemasonry at marxismo, ay nakapasok na sa Simbahan, at ang mga nagbabalita sa pagdating ng Antikristo.

Tingnan ninyo, Aking mahal na mga anak: ang mga makakaliwa at ang mga makakanan ay nagkaisa sa tuktok; na ang ibig sabihin na ang kapitalismo at ang marxismo, sa oras ng katotohanan, ay nagsanib para labanan si Kristo. Kung ganoon, sa mga panahong ito na darating sa Espanya, importanteng malaman na ang makakanan ay kasing-mapanganib tulad ng makakaliwa; ang birtud ay napapaloob sa pananatiling kaisa kay Kristo, sa pagsunood ng Kanyang doktrina: ang Banal na Ebanghelyo. At ang pagsunod sa Tradisyonal na Doktrina tungkol sa pamamaraan sa pamumuno ng mga bansa, base sa tanging Nagbibigay ng Batas: ang Diyos, kung kanino ang kapangyarihan ay nanggagaling.”

ka-25 ng Disyembre 1975

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Oras: 10:20 ng gabi. Si Arsobispo Pedro Martin Ngô-dinh Thuc, na dumating sa El Palmar noong ika-24 ng Disyembre ng parehong taon, kinabukasan, ika-25 ng Disyembre, Kapistahan ng Nabidad, ay nagdaos ng Banal na Tradisyonal na Misa sa Lentisko. Pagkatapos ng Banal na Misa, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mahal na mga anak: Ngayon ay dakilang araw sa El Palmar de Troya. Dito ay nasa presensiya ninyo ang isang Kahalili ng mga Apostoles (tinutukoy si Arsobispo Pedro Martin Ngô-dinh Thuc). Ano pa ang nais ninyo, pinakamamahal na maliliit na mga anak!

O pinakamamahal na maliliit na mga anak, maliliit na mga anak ng Aking Imakuladong Pusong! Isang araw ng kaligayahan, napakalaki. Isang buong Koro ng mga Anghel ay nakapaligid sa inyo sa mga sandaling ito. Ang mga Anghel ay umaawit: Kaluwalhatian sa Diyos!

Isang Obispo ng Simbahan ay nagdaos ng Misa dito sa Sagradong Lugar. Ang mga matalino sa mundo, sa kanilang kapalaluan, ay hindi nauunawaan ang kadakilaan ng Sagradong Lugar na ito. Hindi nila nauunawaan ang krisis sa Simbahan sa mga panahong ito. Isang krisis ng pagkalito, mali, pakakahiwa-hiwalay, erehya, pag-apostata. Ang Barko ay naglalayag sa gitna ng bagyo na hinding-hindi pa naranasan sa nakaraan. Tanging maliit na grupo, sa maraming dako ng mundo, ay pinananatili ang integridad sa Pananampalataya at mabuting Doktrina. Sa mga panahong ito, sa pagkakaroon ng huwad na mga pastol, huwad ng mga doktor, huwad na mga propeta, ang Simbahan ay nagdaraan sa isa sa pinakamalaking krisis sa kanyang Kasaysayan. Hindi magtatagal ang Simbahan ay haharap sa isang malaking pagkahiwa-hiwalay. Kinakailangang ang Palmar de Troya ay muling itayo ang Banal na Tradisyon sa Simbahan, Banal na Doktrina, ang Katolikong Pananampalataya.

Aking mahal na mga anak: Lumaban kayo para sa Simbahan, ipagtanggol ang Simbahan. Higit sa lahat, pangalagaan ang Pananampalataya, Doktrina, Tradisyon, integridad. Tanggihan ang progresibismo, ang makaimpiyernong progresibismong laganap sa Simbahan ngayon.

Ngayon ay isang kahanga-hangang araw, dahil posible ang bukas na pakikipag-usap sa isang Pastol ng Simbahan tungkol sa sitwasyon at krisis na naghahari sa Simbahan. Hanggang sa hindi pa natatagalan ang nakaraan, ay nagbigay Ako ng mga Mensahe sa Palmar para ibigay sa mga Obispo. Sa ngayon, direkta sa isang Obispo, na narito ngayon. Siya ay makapagtatrabaho pa para sa Simbahan. Maaari pa siyang makagawa ng malalaking bagay para sa Simbahan. Ang dakilang katandaan ay ang tagumpay ng Simbahan. Nakalulungkot, sa kasalukuyan, ang mga matanda ay binabale-wala na sa Simbahan. Gaano karaming dakilang mga Obispo ay pinagpahinga na dahil sa katandaan, na kung iyon mismo ang pinakamagandang katangian para sa pamamahala, pagpastol at pagpatnubay sa Simbahan.

Maaari pa siyang makagawa ng dakilang ikabubuti para sa Simbahan. Ang nais Ko bilang Ina ay ang tumira siya dito sa Komunidad, pastulan ito, pamahalaan ito at patnubayan ito sa paraan ng Katotohanan, Pananampalataya, Integridad at Tradisyon.

At muli hinihingi Ko saiyo ang isang espesyal na grasyang kinakailangan sa Sagradong Lugar na ito: ang Konsagrasyon ng bagong mga Obispo ay kinakailangan. Lubos na kinakailangan! Lubos na kinakailangan! Madalian! Maraming mga Pari rito na kinakailangan Kong makonsagrang mga Obispo. Ito ay lubos na kinakailangan para ang mga Obispong ito ay makapag-ordina rin ng mga Pari at muling itayo ang Banal na Tradisyon ng Simbahan. Ito ang gawaing nakaatang saiyo sa iyong katandaan: benerableng matanda, Doktor ng Simbahan. Isang dakilang araw para sa Palmar de Troya at para sa kanya, kung tatanggapin niya ang Kalooban ng Diyos. Ang Diyos ay may malalaking mga plano para sa Obispong ito. Dakilang mga plano, dakilang mga proyekto. At ang kanyang kabanalan ay dapat na mangibabaw bilang isang huwaran at katangian para sa buong Komunidad.

Ngayon ay ilalagay Ko na ang Banal na Bata sa mga bisig ng Obispo.”

(Ang Pinakabanal na Birhen, sa pamamagitan ni Clemente, ay inilagay ang Batang Hesus sa mga bisig ng Arsobispo, na naramdaman ang bigat ng Banal na Bata sa kanyang mga bisig).

Inuulit Ko: ang konsagrasyong ito ng bagong mga Obispo at mga Pari ay kinakailangan para sa ikabubuti ng Unibersal na Simbahan. Dahil mula rito, mula sa El Palmar de Troya, ang Liwanag ay lalabas patungo sa Simbahan. Sila ang mga nakahandang lumabas para salubungin si Kristo sa Kanyang Pagbalik. Sa iyong mga kamay iniwanan Ko ang misyong ito. Subali't ito ay napakadakila, Aking mahal na anak.”

Ika-12 ng Nobyembre 1976

(Sevilla. Bahay Seminaryo. Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Calle Redes, 11. Oras: 1:50 ng madaling-araw. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Padre Clemente Domínguez, inilagay ang Batang Hesus sa mga bisig ng seer at kami lahat ay humalik sa Kanya. Mensahe kay Obispo Padre Clemente:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking pinakamamahal na mga anak: Narito ang inyong Ina sa Langit, inilalatag ang Kanyang Kapa sa inyo. Nakakakita kayo kung minsan ng mga larawan kung saan ay tinatakpan Ko ang mga komunidad ng mga Prayle ng Aking Kapa. Buweno, ngayon ay narito Ako sa inyo ginagawa ang ganoon mismo. Narito ang inyong ‘Madre Heneral’ tinatakpan kayo ng Aking nagpoprotektang Kapa, binabasbasan kayo at pinasisigla kayo. Ako ay lubos na nasisiyahan sa inyo, napakasaya; higit pa sa naiisip ninyo. Sulong, Aking mahal na mga anak, Carmelitas ng Banal na Mukha! Aking pinakamamahal na Orden. Ang mga Anghel ay sinasamahan Ako sa pagbisita Kong ito sa inyo, para makibahagi sa kaligayahan at katuwaang nadarama Ko sa Aking Puso sa gitna ninyo.

Aking mahal na mga anak: ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay magpapatuloy sa pagsulong. Wala ni isa mang makapananaig laban sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Sa kabila ng maraming mga kaaway na mayroon kayo, ang Orden ay patuloy na susulong. Huwag kayong maalarma o mabahala roon sa ngayon ay mga kaaway ng Orden na ito, na dating mga kasapi. Ang mga kaaway na iyon ay hindi magtatagumpay laban sa inyo. Sisirain lamang nila ang kanilang mga sarili. Walang sinumang maaaring lumaban sa isang Banal na Gawain at magtatagumpay. Kayo ay nagkaroon na ng mga traydor sa gitna ninyo, sa pahintulot ng Diyos, para kayo ay gawing dalisay, para subukin kayo at salain kayo.

Aking mahal na mga anak: malaking mga biyaya at mga grasya ang sa kasalukuyan ay darating sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, mga grasyang ikamamangha ng mundo. Kung kaya si Satanas ay nilalabanan kayo. Nguni’t igiit ninyo ang pagsulong! Patuloy kayong maging matatag sa inyong layunin. Si Satanas ay hindi mananalo laban sa inyo, at ang Ordeng ito ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay lalaganap sa mga dulo ng mundo at ang mga anak nito ay darami nang higit pa sa inaasahan.

At dahil ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha na ito ay kinakailangang magpatuloy at dumami, ay kinakailangang magkaroon ng ordinasyon ng mga Pari ngayong gabi, sapagka’t ang Gawain ay dapat na magpatuloy sa pagsulong. Walang puwedeng magpabagsak sa Carmelitas ng Banal na Mukha. Hindi kayo magkakaroon ng sapat na espasyo para tirahan ng lahat ng mga anak ng Carmelita na magkakaroon kayo. Isang araw makikita ninyo, pinakamamahal na mga anak, makikita ninyo.

Tungkol sa Ordinasyon ng mga Pari ngayong gabi, ang unang dapat ikonsidera ay ang matibay at mapagmahal na kagustuhang maging Ministro ng Panginoon; iwanan sa pangalawang lugar ang paghahanda, dahil ito ay darating nang unti-unti sa pamamagitan ng pag-aaral at ng Espiritu Santo. Ang importanteng bagay ay ang kanilang tunay na kagustuhan para maging mga Pari. Kung ang isa ay natatagalan sa pagdaos ng Misa, sa tamang panahon ay matututo siya at hindi na masyadong matagal. Kung makagawa man siya ng pagkakamali sa mga rubrika, unti-unti ay matututo siya, kung siya ay mapagmahal at sumusunod sa kanyang mga propesor. Ang mga propesor sa Seminaryong ito ay hindi dapat mag-alala. Ang importanteng bagay ay nakararamdam ng bokasyon ng pagiging Pari ang mga seminarista. Ang iba pa ay ibibigay na lamang nang paunti-unti, tulad sa lahat ng mga gawain ng Palmar, unti-unti.

Tingnan ninyo, Aking maliliit na mga anak, napakaimportanteng ang mga propesor ay ikintal ang dignidad ng isang pari sa mga Seminarista, ang pinakadakilang dignidad na mayroon sa mundong ito: ang pagiging Ministro ng Panginoon. Wala nang mas dakila pa sa mundo! Ang dalhin ang Diyos sa Langit sa ibaba sa Altar, magpatawad ng mga kasalanan, at iba pa. Pinakamamahal na mga anak: huwag

kayong mabahala. Mas maraming mga Pari ang kinakailangan. Kapag inialay nila ang kanilang mga sarili sa katawan at kaluluwa sa Gawaing ito, kapag ginawa nila ang pangako mula sa puso, ang nais na maging Ministro ng Panginoon, ay hindi ipagkakait sa kanila ang grasyang ito. Sa kondisyong patuloy silang pumunta sa mga klase at maging masunurin at maamo sa kanilang mga propesor. Binabasbasan Ko kayo.”

Ika-20 ng Enero 1977

(Sevilla. Mother House. Oras: 11:40 ng umaga. Ang Birheng Maria ay nagpakita sa Obispo Primado Padre Clemente at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mahal na mga anak: Narito ang inyong Ina, inilalatag ang Kanyang Kapa sa ibabaw ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Ako ay lubos na nasisiyahan, lubos na nasisiyahan sa inyo, dahil sa inyong ispiritu ng pagdarasal at penitensiya, patuloy na nagbibigay ng Pagsamba sa Panginoon. Sa araw na ito, higit kailan man, ang Pagsamba sa Diyos ay kinakailangan. Ang mga Anghel ay kasama ninyo nagbibigay ng luwalhati sa Diyos, at sila ay napapalundag sa tuwa sa pagkakita sa inyong Pagsamba.

Aking mahal na mga anak: Anong kaligayahan mayroon sa Langit sa Pagsambang ito. At gaano karaming mga grasya at mga biyaya ang lalapag sainyo! Ngayon ay nakikita ninyo ang pangako ni Hesus na naisasakatuparan na. Sinabi Niya sainyo na ang mga kasapi ng Ordeng ito ay madaragdagan, at sa katotohanan ang mga kasapi ay dumarating buhat sa lahat ng dako. At marami pang iba ang darating, napakarami pa, hindi mabilang! At may katiyakan, hindi magkakaroon ng sapat na mga bahay para tirahan ng maraming bilang ng mga Prayle na magkakaroon ang pinakamamahal, tinatanging Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha.

Napakaraming mga Santo ang mapoporma sa loob ng Orden na ito! May mga santo na sa gitna ninyo. Nakakasama ninyo sila subali’t hindi ninyo nalalaman. Subali’t may isang nakaaalam ng ilang mga santo sa komunidad. Iyong sa tingin ninyo ay mga tanga ay madalas mga santo. O iyong mga hindi namamalayan ay ekstrabagante o naiiba ay mga santo. Mahirap unawain. Dalisay ang kanilang puso, nguni’t, at marahil sa malas ay wala sa isipan. Sa gayon ang kanilang pakikiisa sa Panginoon na kung minsan ay nawawala sa kanilang isipan na sila ay nasa mundong ito at nakagagawa ng hindi karaniwang mga bagay.

O pinakamamahal Kong maliliit na mga anak: Ito ay magiging Orden ng mga Santo! Siguruhin ninyo na, sa pagtalima sa Panginoon at pagsunod sa Banal na mga Patakan ng Orden, pagbibigay ng Pagsambang iniaalay ninyo at paggawa ng mga panalangin at mga penitensiya, ay makakukuha kayo ng kabanalan, at kabanalan sa pinakamataas na antas. Ang Banal na mga Tagapagtanggol ng Simbahan sa Apokaliptikong mga Panahon, mga santong sa malas ay ignorante, walang masyadong kaalaman, hindi gumugol ng mahabang mga taon sa isang seminaryo. Subali’t ang kanilang mga puso ay nakatakda sa Panginoon; at ang Panginoon ay nagbibigay sa kanila ng mga grasyang kinakailangan para maabot ang kabanalan at makakumbert ng maraming mga makasalanan. Ang iba sa inyo, sigurado, na nanggaling sa mga seminaryo at nakapag-aral, ay nakakukuha rin ng kabanalan. Magpatuloy kayo nang may ingat, datapwa’t, samantalang nabubuhay kayo sa mundo, ay hindi ninyo nalalaman kung saang panig kayo makararating. Kinakailangan ninyong patuloy na tumawag sa Akin, para protektahan Ko kayo at iligtas kayo mula sa infernal na kaaway.

O Aking mahal na mga anak! Anong kagalakan mayroon sa Aking Puso bilang Ina na nakikita kayo sa ilalim ng Aking Banal Mapagkalingang Kapa! At ngayon, Aking mahal na maliliit na mga anak, kinakailangan, lubos na kinakailangan, na simula sa sandaling ito ang lahat ng inyong mga pangalan ay palitan, bilang tanda ng banal na pagtalima at kababaang-loob at pagtalikod sa mundo; simula sa Padre Heneral, na simula sa sandaling ito ay tatawaging Padre Fernando.”

(Ang seer, nasorpresa, ay nagsabi: “Eh! Fernando? Fernando? At ang Clemente ay hindi pareho sainyo? ... Fernando! At ngayon ay dapat marinig ko sa kanila na sinasabing Fernando! Subali’t Aking ina! Buweno, tulad ng nais Ninyo: Padre Fernando.” Ang Pinakabanal na Birhen ay nagpatuloy sa pagsalita:) “At si Padre Manolo ay tatawaging Padre Isidoro.” (Ang seer ay nagsabi: Isidoro?” Ang Pinakabanal na Birhen ay nagpatuloy:) “Si Padre Camilo ay tatawaging Padre Leandro. Si Padre Francisco ay tatawaging Padre Fulgencio. Si Padre Jaime ay tatawaging Padre Justo...

Tulad ng nakikita ninyo, Aking anak, kinuha Ko ang mga pangalan na may malaking importansiya sa kasaysayan ng Sevilla, isang kasaysayan ng dakilang mga Santo na nagbigay ng malaking kaluwalhatian sa Diyos at sa Simbahan. At importante rin na sila ay maging inyong direktang mga Tagapangalaga; iyong mga Santo na magkakaroon ng hindi mapag-aalinlanganang impluwensiya sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha at sa hinaharap ng Simbahan. Ang ibig sabihin nito ay dapat kayong magbasa at matuto mula sa mga buhay ng mga Santong ito, kung paano nila ipinagtanggol ang Simbahan, para subukin at tularan sila.

At ikaw, bilang Padre Heneral ng Orden ay may kapangyarihan para magpataw ng natitirang mga pangalan sa bawa’t kasapi ng Komunidad, na hindi nila maaaring piliin, tulad mo rin na hindi nakapamilya ng iyo. At dapat ito ay gawin sa paraang ang mga pangalang ipapataw mo ay hindi makapareho sa alinman sa dati nang ginagamit sa Komunidad. Simulan mo sa listahan ng unang tatanggap ng Konsagrasyon bilang Obispo; pagkatapos hanggang sa huling Presbiteryo; at sa huli ang mga Brother. At patuloy mong ipatupad na ang mga deboto ay lagi at sa bawa’t sandali ay tawagin kang ‘Padre’. Napapanahon na para tawagin kayo nila sa ranggo na mayroon kayo bilang mga Pari ng Panginoon. Tama na ngayon sa pagtawag sa inyo ng simpleng pangalan ninyo hanggang ngayon, tulad ng ginagawa ng mundo. Dapat nilang malaman na kayo ay mga Pari ng Panginoon at na ang inyong napakaespesyal na titulo at ang pinakadakila at pinakamagandang magkaroon kayo ay ang pagiging Padre. Tama na ang pagiging masyadong matalik. Isang bagay ang ‘*tú a tú*’ at ibang bagay ang alisin ang ‘Padre’. Gaano man kalapit mayroon, ang pangalang Padre ay hinding-hindi maaaring alisin sa Pari. At pareho rin ang katayuan sa inyo mismo. Ang iba sa inyo ay hindi sinasabing ‘Padre’, at tinatawag ang bawa’t isa sa kanilang pangalan tulad ng ginagawa sa mundo. Hindi maaari iyon, dito sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Dapat ninyong laging gawin na, kayo-kayo, ay laging magtawagan ng Padre.

Pinakamamahal na maliliit na mga anak: huwag ninyong kalimutan na ang bagong pangalan na ipapataw sainyo bilang Relihiyoso ay mangangahulugang importanteng proteksiyon para sainyo. Ang Santong iyon ay magiging espesyal na tagapamahala sa pagturo sa inyo ng lahat ng inyong hindi nalalaman, lahat ng pangangailangan ninyo para sa inyong Ministro bilang Pari.”

Ika-31 ng Mayo 1977

(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Sa panahon ng Prusisyon sa Ating Ina ng Palmar Koronada, isinasagawa tuwing ika-30 ng buwan, nakapagsimula na ang ika-31, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa Obispo Primado Padre Fernando; pagkaraan, si Haring San Fernando ay nagpakita. Ang Birheng Maria ay ibinigay sa seer ang sumusunod na Mensahe.)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Aking mahal na mga anak: Narito ang inyong Ina, bilang Reyna at Pinuno, napaliligiran ng mga Anghel at kasama ang maluwalhating Haring San Fernando. Ang mundo ay hindi napagtatanto ang kahalagahan ng Sagradong Lugar na ito, kung saan ang Dakilang Pamumuno ng Papa at ang Dakilang Imperyo, ang Imperyo ni Kristo, ay itatayo. Ang Papang ito sa hinaharap, ang Kaluwalhatian ng mga Olibo, kasama ang Krus, ay magdadala ng ispada at muling magpapatibay ng kaayusan sa buong mukha ng mundo. Kung kaya kinakailangan niya pa ring magdusa ng krus ng pagiging bulag, para lalo pa siyang palakasin at gawing perpekto ang kanyang sarili para sa dakilang gawaing Imperyo at Papa na

mapapasakanya sa kanyang panahon. Isang dakilang Papa, na magiging isang dakilang Caudillo, matagumpay laban sa mga kaaway ni Kristo; ang piniling Caudillo, na lalabas para labanan ang marxismo at putulin ang mga pang-aabuso nito. Ang marxismo ay maghahari sa Espanya sa pinakasandaling panahon, at saka tuluyang mawawasak at itataboy sa labas ng Espanya sa pamamagitan ng Krus at ng ispada.

Anong dakilang lugar ito, Palmar de Troya! At ang mundo ay hindi nakaaalam! Salamat sa inyo lahat, Carmelitas ng Banal na Mukha, ang mga mandirigma sa Kawan ni Kristo sa hinaharap.

Ang lahat ay kinakailangang maunawaan ang kahalagahan ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, ang Pinakadakilang Orden na nabuhay, dahil pinag-isa niya ang mabuting mga aspeto ng iba't-ibang mga Orden, na ngayon ay maluwag na.

At gagamitin Ko ang sandaling ito para sabihin sa inyo, na may resolba bilang isang Ina, na simula ngayon ay wala nang seglar na mga kasapi ang tatanggapin sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Simula ngayon, ang lahat ng papasok ay iyong may ispiritu ng Relihoyosong Pari. Ang mga seglar ay hindi na papayagan pang pumasok kasama ninyo, dahil mahahawaan nila ang mga kasapi ng Orden na ito sa pamamagitan ng kanilang masamang ehemplo. Nais Ko ang Pinakaperpektong Estado, na ang Relihiyosong Buhay. Ang Seglar na Klero, kahit isang perpektong estado, ay kulang ang pagkaperpekto kaysa sa Relihiyoso, malayong-malayo. Higit sa lahat sa mga panahong ito ng pag-apostata at korupsiyon. Imposible sa isang Pari na manatiling matatag at banal sa gitna ng kuraptong mundo, sa gitna ng mundo ng pag-apostata. Iyong mga pumili ng seglar na paraan sa karamihan ay gumagawa ng masama, napakasama; dahil nagkukulang sila ng ispiritu ng sakripisyo, ng ispiritu ng pagpapakasakit, ng total na pagsuko. Kung kaya, ngayon ay alam na ninyo: doon sa lahat ng dumating, dapat na iparating ninyo ang Aking kagustuhan bilang Ina na maaari silang maging relihiyoso, o huwag na lang! Wala nang mga pasilidad at mga paglilibre para makakuha ng grasyang ito ng Pagpari at Obispo ng mga Apostoles ng Huling mga Panahon.

Oo, pinakamamahal na mga anak, mga anak ng Aking Puso ng Ina at Imakulado. Alam ni Satanas na ang Ina ninyong ito ay inilalagay kayo sa ilalim ng Kanyang Kapa at na nais Niyang tulungan kayong makakuha ng kabanalan, subali't sa loob ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Ang kabanalang iyon ay hindi magiging posible sa labas. Dahil kayo ay mapapariwara sa mundo, sa nakahahawang kasamaan sa mundo, at hindi ninyo malalaman kung paano kayo magpapatuloy sa kabanalan sa labas ng Orden.

O Aking mahal na mga anak! Kinakailangan ninyong pagnilayan ang mga katotohanang ito. May Orden kayo, ang Carmelitas ng Banal na Mukha, na makamamangha sa mundo sa kabanalan at birtud, sa pagiging mga huwaran at mga modelo sa lahat ng uri. Sila ay matatag, banal at huwang mga Prayle; at maganda, banal at ulirang mga Madre.

Gaano Ko kamahal ang Aking pinakamamahal na mga anak, ang Carmelitung mga Madre ng Banal na Mukha! Anong ganda! Ang mga Anghel, puno ng kagalakan, ay kasama ang maliliit na mga Madreng ito kapag naririnig nila silang nagdarasal sa Sagradong Lugar na ito. O ang ganda nitong Carmelitung mga Madre ng Banal na Mukha!

Aking pinakamamahal na mga anak: kinakailangang mas marami pa ang pumasok sa Orden, mas marami, mas marami, buhat sa ibang mga bansa. Dahil ang bawa't bansa na may mga kasapi na Carmelita sa Orden ay makatatanggap ng Aking Proteksiyon bilang Ina, ng Aking mga pabor at ng Aking pagkukup. Ipinapangako Kong ilalatag ang Aking Nagpoprotektang Kapa sa lahat ng mga bansa na may mga Prayle at mga Madre sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, at mas maraming mga kasapi, mas malaki ang proteksiyong iyon, iyong mga pabor at iyong pagkukup."

Ika-9 ng Agosto 1979

(Paris. Ang pagbabalik mula sa unang paglalakbay sa Banal na Lupa. Unang Anibersaryo ng Pagkakalipat ng Katedra ni San Pedro sa El Palmar de Troya. Mensaheng ibinigay ng Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Medalya Milagrosa sa Kanyang Kabanalan Papa Gregoryo

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

“Pinakamamahal na anak, pinakamamahal na anak ng Aking kaluluwa, Bikaryo ng Ating Panginoong Hesukristo. Pinasalamatan kita ng malaki para sa pagbisitang ito. Ako ay nagagalak nang lubos sa malaking paglalakbay na ito, ng Apokaliptikong Paglalakbay na ito, itong dakila, napakagandang paglalakbay, ng malaking apokaliptikong simbolismo. Masdan ang mga sandalyas ng mga Mangingisda tumutuntong sa iba’t-ibang lugar, malaking mga santuwaryo, mga lungsod, mga bayan, mga bansa. Ang bawa’t bansang tumanggap ng pagbisita ng Bikaryo ni Kristo ay nakatatanggap ng Apostolikong Basbas, at sa mga bansang iyon ay magkakaroon ng mas malaking proteksiyon kapag dumating ang mga parusa.

Tingnan mo, Aking anak, na makukumpirma mo sa iyong sarili na ang opisyal na simbahan, ang romanong simbahan, ay nabubulok na at kurapto. Sa prostitusyon nito, ito ay naging Dakilang Puta; ang isang nakikipagkasundo sa mga kaaway ni Kristo, ang nagrerespeto sa lahat ng mga relihiyon, ang nagtuturo ng katotohanan at nagsisinungaling sa parehong pagkakataon. Ang romanong simbahan ngayon, pinapastulan ng isang Halimaw, ang mang-aagaw na si Juan Pablo II, na ang romanong simbahan ay ibinagsak at niyurakan ng mga kaaway ni Kristo. Binuksan niya mismo ang mga tarangkahan. Dahil dito, ang Tunay na Simbahan ay hindi na romano. Ang Tunay na Simbahan ay Palmaryano, tulad ng itinuro mo sa gabay ng Banal na Espiritu. Hindi na posible ang magpatuloy sa pagiging romano kung ang Katedra ay inilipat na sa order ni Kristo. Ang Tunay na Simbahan ay hinding-hindi na maaari pang tawaging ‘romano’. Sapagka’t ang Roma ay ang Dakilang Puta. Samantalang ang Palmaryanong Simbahan ay ang Simbahan sa lahat ng panahon, ang Simbahan ng Herusalem, at ang Simbahan ng Roma habang siya ay matapat pa. Ang Palmaryanong Simbahan ay ang Simbahan na kung saan ay naging esposa ni Kristo. Dahil ang romanong simbahan ay diniborsiyo ang kanyang sarili kay Kristo sa paggawa ng kontra sa nais ni Kristo, sa pakikiisa sa Kanyang mga kaaway. Ang Galit ng Eternal na Ama ay babagsak magpapasuko, gugupo sa romanong simbahan.

Aking pinakamamahal na Bikaryo, Kaluwalhatian ng mga Olibo, Aking mahal na Papa: para malaman mo, at hindi lamang malaman nguni’t ipangaral din, na ang Roma ay nawala na. Ang Roma ay bumagsak na, tulad ng pagbagsak ng Babilonya. Ang Roma ay ang Babilonya ng Huling mga Panahon. Habang ang mabait na si San Pablo VI ay nabubuhay pa, siya ay tinatawag pang ang Romanong Simbahan; dahil tanging siya lamang, kasama ang kaunting iba pa, na nakapagpapatok sa Simbahan ng Roma para magsulong. Nang mamatay na siya, pinatay ng punong malupit na si Kardinal Villot, na ngayon ay matatagpuan sa kung saan ay maisip ninyo; hayaang ang sino mang may pang-unawa, ay umunawa; ang parehong Kardinal Villot na iyon, sa pahintulot ng Diyos, ay pinatay si Juan Pablo I. Si Kardinal Villot ay nais na kumilos nang mas mabilis sa pagsira ng Simbahan, samantalang si antipapa Juan Pablo I, mas tuso, mas matalino, mas nais na magdahan-dahan lamang; at ang oposisyong iyon ay nagresulta sa pagpatay, pinahintulutan ni Kristo, sa makapangyarihang pamamagitan ni Arkanghel San Miguel, na nagmadali sa aksiyon ni Villot. Sa gayon nagtapos ang mga kaaway ni Kristo!

Kung kaya, pinakamamahal na Bikaryo, magpatuloy sa pagsulong, patuloy sa pagsulong, patuloy sa pagsulong nang walang takot, walang pag-aalinlangan. Ikaw ang Matamis na Kristo sa Mundo. Kahit na may mga kahinaan ka, mga kalungkutan, mga imperpeksiyon, tulad ng madalas mong ipinangangaral. Pastulan mo ang Kawan ni Kristo! Pastulan mo ang Kawan ni Kristo! Pastulan mo ang Kawan ni Kristo!

Pinakamamahal na Bikaryo ni Kristo, Gregoryo, patuloy sa pagsulong, patuloy sa pagsulong, patuloy sa pagsulong. Ibibigay Ko saiyo ang lakas. Inilalatag Ko ang Aking Kapa sa iyo at mahal kita bilang anak sa lahat ng tinatangi, kung ikaw ay magpapatuloy sa pagtugon sa grasya. Hindi mo maisip ang pagmamahal ng iyong Ina para saiyo. Nakita mo pa lamang kung paano kita dinala sa Aking kandungan, inilagay ang Aking kamay sa iyong ulo, niyakap nang mahigpit sa Aking Pusong, nang sa ganoon mula roon ay makatanggap ka ng kalakasan, para ikaw ay pasiglahin, para ikaw ay magpatuloy sa pagsulong sa kabila ng bawa’t balakid. Ang ika-anim ng Agosto ng nakaraang taon ay isang dakilang araw, isang

dakila at magandang araw. Dahil ang Kaluwalhatian ng mga Olibo, ang Dakilang Obispo, ang Dakilang Papa, ang Dakilang Emperador, ay pinutungan ang kanyang noo ng Sagradong Korona; na itataas ang kanyang makapangyarihang ispada laban sa mga kaaway ni Kristo; na muling ibabalik ang kaayusan sa mundo; na mangunguna sa isang makapangyarihang hukbo laban sa mga erehe; na magpapalawak sa Sibilisasyon ng Espanya sa mga bansa at itatayo ang Sagrado Ispanikong Imperyo. Ang Pista ng Transpigurasyon ng nakaraang taon ay isang dakilang araw! Sapagka't ang Simbahan ay natranspigura. Ang Kaluwalhatian ay bumalik sa Simbahan, at mas magiging maluwalhati pa; sapagka't ang Imperyo ay darating tulad ng pagdating ng Papa, nang walang sinumang umaasa dito, nang walang sinumang umiisip nito, ang lahat ay darating. Ang mga propesiya ay magkakatotoo. Narito ang Dakilang Papa, tinuran sa mga propesiya. Ang Pransya ay tumanggap ng katakut-takot na dagok; dahil ang Dakilang Papa ay Espanyol, nguni't may dugong Pranses. At higit sa lahat at higit sa anupaman, dugong Hudyo, tulad ng sa Akin. Kung kaya ito ang nakatakda: ang Unang Bato, Hudyo; ang Huling Bato, Hudyo. Kaya ito ang nakatakda. Subali't mag-ingat. Ang lahat ay nakadepende sa pagtugon sa grasya. At kaya, sa pag-alaala niyan, ikaw ay hinding-hindi mahuhulog sa banidad o kayabangan; dahil alam mo na ang lahat ay kondisyonal lamang, na ang lahat ay maaaring mapalitan at malipat sa iba. Isuot mo nang mahigpit ang Sagradong Korona. Ipakita mo sa mundo na ikaw ang Dakilang Bikaryo ni Kristo. Hawakan mo nang mahigpit ang Tungkod ng Papa at ihagis ang lahat ng uri ng mga erehe sa labas ng Simbahan ng Diyos. At isang araw ay hahawakan mo ang ispada, ang makapangyarihang ispada ni San Fernando; ang ispadang iyon na kung saan sa harap nito ay manginginig ang mga kalaban ni Kristo. Sapagka't Ako, na iyong Ina, ay tutulungan ka sa mahirap na mga laban. Ang mundo ay mamamangha sa iyong malalaking mga tagumpay. Ang dakilang hukbo ng Papa ay kikilalanin; Lahat sila ay magsasabi: 'Narito na ang mga sundalo ng Papa. Mag-ingat! Ang kanilang Pinuno ay hindi susuko at walang sinumang makapagpapalayas sa kanya.' Ang Dakilang Caudillo ng Tajo ay parehong tao. Ang Dakilang Hari ay parehong tao. Kung babasahin ninyo ang mga propesiya nang may kababaang-loob at payak na ispiritu, ay makikita ninyo na sila ay isa at parehong tao: ang Dakilang Papa, ang Dakilang Hari at ang Caudillo ng Tajo. Ang iba ay nakikita na ito. Ipangaral mo ito sa mundo. Para malaman ng mundo kung sino si Gregoryo XVII. At ikaw, pinakamamahal na Bikaryo ni Kristo, huwag kang matakot sa mundo sa pagkakaalam ng mga bagay na ito. Pangangalagaan kita at walang mangyayari hanggang dumating ang oras para sa iyo na unatin ang iyong mga bisig sa Krus, sa pagtulad sa Banal na Maestro at sa pagtulad sa Unang Bato.

Ngayon, ika-9 ng Agosto, ay isang dakilang araw para sa Simbahan, ang dakilang kapistahan sa Paglipat ng Katedra ni San Pedro mula sa Roma patungo sa Palmar. Isang dakilang araw para sa Simbahan. Dahil simula noon, ang Simbahan ay tinawag nang Palmaryano. Tanging ang Palmaryanong Simbahan ang maaaring kilalaning Isa, Banal, Katoliko at Apostoliko. Tanging ang Palmaryano. Sa labas niya ay naroroon ang mali."

Ika-9 ng Agosto 1980

(Cuenca. Sa pagbalik mula sa ikalawang paglalakbay sa Banal na Lupa, sa Ikalawang Anibersaryo ng Paglipat ng Katedra ni San Pedro mula sa Roma patungo sa Palmar.)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Aking pinakamamahal na anak, pinakamamahal na Bikaryo ng Aking Anak. May pusong umaapaw sa kaligayahan, nagpapasalamat Ako sa inyong pagbisita, pareho ikaw at ng iyong mga anak .

Mataman mong pagmasdan ang pinakamagiliw Kong posisyon: nakikita mo ang dakilang pagmamahal mayroon Ako kay Hesukristo, Tagapagligtas ng sangkatauhan, sa Aking Sagradong Kandungan. Sa parehong dakilang posisyong ito kinakandong Ko ang Simbahan, Mistikal na Katawan ni Kristo.

Anong ganda kung ang lahat ng tao ay alam na sila ay may isang Ina sa Langit, na maaaring yakapin sila tulad sa maliliit na mga sanggol! At hindi lamang yakapin sila subali't, ang mas importante pa, kandilihin sila, turuan sila at bigyan sila ng kaligtasan. Iyan ang pinakamalalim na misteryo sa pamamahagi ng grasya; na sa abot ng Aking kakayahan Ako, Hamak na Alipin at abang maliit na uod, ay sa disposisyon ng Kataas-taasan, ang Anak ng Grasya, ang Ina ng Grasya, ang Esposa ng Grasya, ang Templo at Tabernakulo ng Grasya, at Siya na nagdadala ng Grasya sa mga tao. Sa ganyang punto ay totoo ito na, kung wala Ako, ay walang tao ang makakukuha ng Grasya, dahil Ako ang Tagapagdala ng Grasya, Ako ang Siya na Puno ng Grasya. Sa maikli: Ako ang Grasya.

Iyong mga bumabaling sa Akin ay makakukuha ng Grasya. Iyong mga itinatanggi Ako ay hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit, dahil si Kristo ay hindi namamagitan sa harap ng Ama para roon sa tumatanggi sa Aking pamamagitan.

Tulad ng pagsugo sa Akin ni Kristo, sinusugo Kita. Sa praseng ito na Aking kasasabi pa lamang, ay isang malalim na dagat ng mga Grasya ang nakapaloob. Ito ay napakatotoo na kung sino man ang tumanggi sa Hamog na ito ng Dagat ng mga Grasya ay hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit.

Ang itinaboy na mga anak ni Eba ay tumanggap ng Grasya sa pamamagitan ng Pinakamahal na Dugo ng Banal na Kordero na isinakripisyo sa Krus sa Kalbaryo, kung saan ang Dugo ay nanggaling sa sarili Kong mga ugat. At ito ay ang parehong Dugo na patuloy na nagbibigay ng sustansiya sa inyo.

O Aking mahal na maliliit na mga tupa! Kayo, iyong mga kasapi ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan, ay pinalulusog ng Dugo ng Kordero, na kung saan ang Dugo ay naggagaling sa Ina ng Kordero. Bilang Ina ng Mistikal na Katawan ni Kristo na Ako, ay patuloy Kong pinalulusog si Kristo sa Simbahan. Ngayon ay ibibigay Ko na ang Aking Basbas ng isang Ina sa iyo, sa iyong mga anak na sumama sa iyo at sa lahat ng mananampalataya. Binabasbasan Ko kayo.”